# LIMANG GINTONG SILAHIS

## Limang Artikulo ni Mao Zedong na may mga Komentaryo

2013
Palimbagang Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

# Talaan ng mga Nilalaman


**Paglingkuran ang Sambayanan 5**

**Komentaryo sa *Paglingkuran ang Sambayanan* 8**

**Sa Alaala ni Norman Bethune 27**

**Komentaryo sa *Sa Alaala ni Norman Bethune* 30**

**Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok 45**

**Komentaryo sa *Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok* 50**

**Bakahin ang Liberalismo 66**

**Hinggil Sa Pagwawasto ng Maling mga Ideya sa Partido 73**

**Komentaryo sa *Hinggil Sa Pagwawasto ng Maling mga Ideya sa Partido* 92**

# Paglingkuran ang Sambayanan

Setyembre 8, 1944

Ang ating Partido Komunista at ang mga Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo na pinamumunuan ng ating Partido ay mga batalyon ng rebolusyon. Ang mga batalyon nating ito ay ganap na nakalaan sa pagpapalaya ng sambayanan at lubusang kumikilos para sa interes ng sambayanan. Dating nasa hanay ng mga batalyon si Kasamang Chang Szu-teh[1].

Ang lahat ng tao ay tiyak na mamamatay, ngunit ang kamatayan ay maaaring mag-iba ng kabuluhan. Ayon sa sinaunang manunulat na Tsino na si Szuma Chien: "Bagamat sumasapit ang kamatayan sa lahat ng tao, maaaring higit na mabigat ito kaysa Bundok Tai o higit na magaan kaysa isang balahibo."[2] Ang mamatay alang-alang sa sambayanan ay higit na mabigat kaysa Bundok Tai, subalit ang maglingkod sa mga pasista at mamatay para sa mga nagsamantala at mga nang-aapi ay higit na magaan kaysa isang balahibo. Si Kasamang

---

1 Si Kasamang Chang Szu-teh ay dating sundalo sa Rehimyento ng Taliba ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Isang kasapi ng Partido Komunista na matapat na naglingkod para sa interes ng sambayanan, sumapi siya sa rebolusyon noong 1933, lumahok sa Mahabang Martsa at nasugatan habang naglilingkod. Noong Setyembre 5, 1944, habang gumagawa ng uling sa Bulubundukin ng Ansai County, Hilagang Shensi, nasawi siya sa pagguho ng isang hurno.

2 Si Szuma Chien, ang tanyag na Tsinong mananalaysay ng ikalawang siglo bago isilang si Kristo, ang may akda ng Mga Talang Pangkasaysayan. Nagmula ang siniping pangungusap na ito sa kanyang "Sagot sa Liham ni Jen Shao-ching".

Chang Szu-teh ay namatay alang-alang sa sambayanan at totoong ang kanyang kamatayan ay higit na mabigat kaysa Bundok Tai.

Kung may mga pagkukulang man tayo, hindi natin ikinatatakot na matukoy at mapuna ang mga ito sapagkat naglilingkod tayo sa sambayanan. Maaaring tukuyin ninuman, maging sino man siya, ang ating mga pagkakamali. Kung tama siya, ating iwawasto ang mga ito. Kung makabubuti sa sambayanan ang kanyang iminumungkahi, ating ipatutupad ito. Inihapag ni G. Li Ting-ming[1], na hindi isang Komunista, ang ideya ng "mas mahusay na hukbo at mas simpleng pangangasiwa". Naghapag siya ng isang mainam na mungkahing makabubuti sa sambayanan, kaya sinunod natin ito. Kung sa kapakanan ng sambayanan ay ipagpapatuloy natin ang paggawa ng tama at iwawasto ang mali, tiyak na uunlad ang ating hanay.

Tayo ay nagmula sa iba't ibang sulok ng bayan at nagbuklud-buklod para sa iisang rebolusyonaryong layunin. Kailangang makasama natin ang malawak na mayorya ng mamamayan sa landas patungo sa layuning ito. Ngayon, pinamumunuan na natin ang mga baseng purok na may populasyong 91 milyon,[2] ngunit hindi ito sapat; mas marami pa ang kailangan natin upang mapalaya ang buong bansa. Sa mga panahon ng kahirapan, huwag nating kaligtaan ang ating mga tagumpay, tanawin ang maaliwalas na kinabukasan at pag-ibayuhin ang ating katapangan. Nagdurusa ang sambayanang Tsino, tungkulin nating iligtas sila at

1 Si Ginoong Li Ting-ming, isang mulat na panginoong maylupa ng Probinsya ng Hilagang Shensi, ay minsang nahalal na Pangalawang Tagapangulo ng Gubyerno ng Hanggahang Rehiyon ng Shensi-Kansu-Ningsia.

2 Ito ang kabuuang populasyon ng Hanggahang Rehiyon ng Shensi-Kansu-Ningsia at ng iba pang Pinalayang Purok sa hilaga, sentral at timog Tsina.

dapat tayong magpunyagi sa pakikibaka. Saanman may pakikibaka ay may pagpapakasakit, at ang kamatayan ay isang karaniwang pangyayari. Ngunit nasa ating puso ang kapakanan ng sambayanan at ang mga pagdurusa ng lubos na nakararami, at kung tayo'y mamamatay alang-alang sa sambayanan, iyon ay isang makabuluhang kamatayan. Gayunman, dapat nating gawin ang lahat ng makakaya para maiwasan ang mga di-kinakailangang pagpapakasakit. Dapat magmalasakit para sa bawat kawal ang ating mga kadre, at ang lahat ng tao sa rebolusyonaryong hanay ay dapat magmalasakit sa isa't isa, magmahalan at magtulungan.

Magmula ngayon, kung sa ating hanay ay may mamamatay na nakagawa ng mga kapaki-pakinabang na bagay, maging kawal man siya o kusinero, dapat tayong magdaos ng isang seremonya ng paglilibing at isang pulong parangal sa kanyang karangalan. Dapat maging alituntunin ito. At dapat pasimulan din ito sa hanay ng mga mamamayan. Kung may mamatay sa isang baryo, magdaos ng isang pulong parangal. Sa ganitong paraan, ipinadarama natin ang pakikiramay para sa namatay at pinagbubuklod ang buong sambayanan.

# **Komentaryo sa *Paglingkuran ang Sambayanan*[1]**

Si Kasamang Chang Szu-teh ay ipinanganak noong 1915 sa Luihochang, Yilung County, probinsya ng Szechuan. Isang maralitang magsasaka ang kanyang pamilya na binubuo ng apat na katao. Namatay sa pagod sa pagtatrabaho para sa mga panginoong maylupa ang kanyang tatay at kuya. Pitong buwan lamang siya nang mamatay sa pagkakasakit ang kanyang nanay at pinalaki siya ng kanyang tiyahing si Liu Kuang-yu. Napakahirap ng tiyahin at kinailangang magtrabaho ni Chang Szu-teh para sa isang panginoong maylupa noong 12 hanggang 13 taong gulang pa lamang siya. Sumapi siya sa Pulang Hukbo noong Agusto 1933 at tinanggap sa Liga ng mga Kabataang Komunista noong taong iyon. Kalaunan, sumapi siya sa Partido Komunista ng Tsina. Lumahok siya sa Mahabang Martsa na 25,000 li at nasugatan sa pakikipaglaban. Nang siya ay mamatay, isa siyang mandirigma sa Rehimyento ng Taliba ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Palaging matapat sa Partido at sa mamamayan si Kasamang Chang Szu-teh. Masipag siyang magtrabaho, kailanma'y hindi umiwas sa kagipitan, panganib o kahirapan, at nagpakita ng mahuhusay na katangian ng isang kasapi ng Partido Komunista at ng isang rebolusyonaryong mandirigma. Noong Septyembre 5, 1944, habang gumagawa ng

1 Ang "Paglingkuran ang Sambayanan" ay ang talumpating ginawa ni Tagapangulong Mao sa isang pulong parangal para kay Kasamang Chang Szu-teh.

uling sa Bulubundukin ng Ansai County sa hilagang Shensi, nasawi siya nang gumuho ng isang hurno. Isang pulong parangal ang idinaos ng mga kagawaran na tuwirang nakapailalim sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina. Si Tagapangulong Mao mismo ang personal na sumulat ng dedikasyong, "Pagpupugay kay Kasamang Chang Szu-teh na namatay para sa interes ng mamamayan" at bumigkas sa pulong ng tanyag na talumpating *Paglingkuran ang Sambayanan*.

Ang *Paglingkuran ang Sambayanan* ay mahalagang akda ng edukasyong Komunista sa isang mataas na antas pang-ideolohiya; ito ang pinakabatayang rekisitong babasahin sa rebolusyonaryong mamamayan sa pagbabagong-hubog ng kanilang ideolohiya at sa pagtatatag ng pandaigdigang pananaw ng proletaryado. Maikli at isinulat sa estilong popular, lubos na mayaman at malalim ang mga nilalaman nito. Sa mahigit nang 20 taon, gumampan at patuloy na gumagampan ng di-mabibilang na pagkalaki-laking papel ang mga dakilang diwa ng artikulong ito sa pagtataas ng makauring kamulatan ng masa ng mga kadre at mga mandirigma at sa pagbabago ng mental na pananaw ng mamamayan. Pinalaki sa diwa ng paglilingkod sa sambayanan ang natatanging mga taong katulad nina Lei Feng, Ouyang Hai Wang Chieh, Chiao Yu-lu, Mai Hsien-teh, Liu Ying-chun at Tsai Yung-hsiang at natatanging mga yunit tulad ng ang Mahusay na Ikawalong Kumpanya, ang Matatag na Ikaanim na Kumpanya, ang Pulang Ikasiyam na Kumpanya at ang Blg. 3211 Grupo ng Pagsasanay. Mula sa artikulong ito, nagkamit ng walang-hanggang lakas ng diwa ang masa ng mga kumander at mga mandirigma sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan at daan-daang milyon ng rebolusyonaryong mamamayan, at ang lakas na ito ay naging isang napakalaking pwersang materyal na

bumabago sa daigdig, ibayong nagpapalakas sa pagtatayo ng P.L.A. at nagpapasulong nang husto sa layunin ng Tsina na sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon.

Ang ideya ng buung-buo at lubos paglilingkod sa sambayanan ang nukleyo ng komunistang pananaw sa daigdig. Dapat paulit-ulit na pag-aralan ng ating mga rebolusyonaryong mandirigma ang *Paglingkuran ang Sambayanan*, palaging suriin ang sarili at itulak ang sarili pasulong sa diwa ng "buung-buo" at "lubos" na paglilingkod sa sambayanan, at pagbabagong hubog sa sarili tungong bagong mga komunista, mga tagapagmana sa proletaryong rebolusyonaryong simulain na tauspusong naglilingkod sa sambayanang Tsino at sa mamamayan ng daigdig.

Sa batayang sabi, ang kasalukuyang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura ay isang dakilang rebolusyon para wasakin ang lahat ng konsepto sa pansariling interes ng mga nagsasamantalang uri at pagyamanin ang sosyalistang konsepto ng pagmamalasakit sa interes publiko. Katulad ng ipinahayag sa artikulong ito ni Tagapangulong Mao, ang diwa ng buung-buo at lubos na paglilingkod sa sambayanan ay isang makapangyarihang sandatang pang-ideolohiya para wasakin ang pansariling interes, na nagpapaunlad ng pagmamalasakit sa interes publiko at nagbagong-hubog sa mamamayan sa kaibuturan ng kanilang mga kaluluwa. Dapat nating pag-aralan nang buong sikhay ang mahalagang artikulong ito, at halawin ang mga diwang nakapaloob dito bilang sandata para sa pagsasakatuparan ng istorikong tungkulin ng dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura.

Sa pag-aaral sa mahalagang artikulong ito, dapat na bigyan ng natatanging pansin ang sumusunod na punto:

**1. Wasakin ang pansariling interes at paunlarin ang pagmamalasakit sa interes publiko, buung-buo at lubos na paglingkuran ang sambayanan**

Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Ang ating Partido Komunista at ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo na pinamumunuan ng ating Partido ay mga batalyon ng rebolusyon. Ang mga batalyon nating ito ay ganap na nakalaan sa pagpapalaya ng sambayanan at lubusang kumikilos para sa interes ng sambayanan."

Ang ating Partido ay kumikilos para sa ganap na pagpapalaya ng proletaryado. Hindi lamang palalayain ng proletaryado ang kanyang sarili kundi ang buong sangkatauhan. Kung hindi palalayain ng proletaryado ang buong sangkatauhan, hindi makakamit ng proletaryado ang kanyang ganap na kalayaan. Ang mamamayan ang motibong pwersa sa paglikha ng kasaysayan ng daigdig, ang pangunahing kwerpo ng rebolusyon at ang mga panginoon ng lipunan. Kung gayon, ang paglilingkod para sa interes ng mamamayan ang pinagbabatayan ng lahat ng gawain ng Partido. Itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao: "Ang ating puntong pinagsisimulan ay ang taus-pusong paglingkuran ang sambayanan, at huwag ihiwalay kahit sumandali ang ating sarili sa masa, magsimula sa interes ng mamamayan sa lahat ng pagkakataon at hindi mula sa pansariling interes o mula sa interes ng isang maliit na grupo, at kilalanin ang ating mga pananagutan sa mga namumunong organo ng Partido." (*Hinggil sa Gubyernong Koalisyon*)

Ang ating hukbo ay isang armadong pangkat para sa pagsagawa ng mga tungkuling pampulitika ng rebolusyon sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido; ito ang hukbo ng mamamayan na nagmumula sa mamamayan at naglilingkod sa sambayanan. Binigyang diin ni Tagapangulong Mao: "ang tanging layunin ng hukbong

ito ay mahigpit na manindigan kasama ng mamamayang Tsino at tauspusong maglingkod sa kanila." (*Hinggil sa Gubyernong Koalisyon*)

Ang buung-buo at lubos na paglilingkod sa sambayanan ang bumubuo ng rebolusyonaryong esensya ng ating Partido at ng ating hukbo, gayundin, isang katangian na dapat taglayin ng bawat rebolusyonaryo. Sa paglilingkod sa sambayanan nang buung-buo at lubos, ang pinakapundamental na usapin ay nakasalalay sa pagwasak sa pansariling interes at pagtataguyod sa diwa ng pagmamalasakit sa interes publiko.

Ang pansariling interes ay nangangahulugan ng palagiang pag-iisip para sa sarili, pagsasaalang-alang lamang sa sarili, paghahangad ng katanyagan, kayamanan, kapangyarihan, pusisyon o mga pagkakataon para sumikat, pagkalimot sa kabuuan, sa lipunan, sa 700 milyong mamamayang Tsino at sa libu-libong milyong mamamayan ng daigdig. Ang pagkilos para sa interes publiko ay nangangahulugan ng hindi paghahanap ng katanyagan at pakinabang, kawalang-takot kahit na sa kagipitan o kamatayan, pagiging lubusang matapat sa iba nang walang anumang iniisip na pansarili, kumikilos nang buong puso at kaluluwa para sa rebolusyon at sa sambayanan, at taus-pusong naglilingkod sa mamamayang Tsino at sa mamamayan ng daigdig. Ang pagkilos para sa pansariling interes at ang pagkilos para sa interes publiko ay kumakatawan sa dalawang ganap na nagtutunggaliang pananaw sa daigdig — ang burges at ang proletaryong pananaw sa daigdig. Kapag ang dalawa ay nagsasagupaan, dapat manalo ang isa laban sa katunggali. Kung hindi magagapi ng isa ang katunggali, ito ay gagapiin ng katunggali.

Sa batayang sabi, ang kasalukuyang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura ay binubuo ng

matatalas na tunggalian sa pagitan nitong dalawang pananaw sa daigdig, at ito ay isang dakilang rebolusyong pang-ideolohiya para wasakin ang luma at itatag ang bago, para wasakin ang pansariling interes. Sa dakilang rebolusyong ito, ang bawat isa sa ating mga kasamang rebolusyonaryo ay dapat na pumasa sa pagsubok, tumayo sa nangungunang hanay ng pakikibaka, mulat na magsagawa ng rebolusyon sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa, maglunsad ng matatatag na pakikibaka upang mapawi ang mga burges na kaisipan at pagyamanin ang mga proletaryong kaisipan, wasakin ang pansariling interes at itaguyod ang pagmamalasakit sa interes publiko at hayaang lubos na saklawin ng kaisipang Mao Zedong ang kanyang isipan.

Upang mawasak ang pansariling interes at maitaguyod ang pagmamalasakit sa interes publiko, kinakailangang panghawakan ang wastong mga relasyon sa pagitan ng rebolusyonaryong interes at ng kanyang personal na interes. Isa itong linyang naghihiwalay sa mga kasamang naglilingkod sa sambayanan nang buung-buo at lubos mula doon sa naglilingkod na may ilang reserbasyon o may katamlayan. Para mapaglingkuran nang buung-buo at lubusan ang sambayanan, kailangang unahin natin higit sa lahat ang interes ng rebolusyon, ang mamamayan, at ang pagpapalaya sa sangkatauhan. Ang mga personal na interes ay dapat na lubusang ipailalim sa mga rebolusyonaryong interes. Itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao: "Walang panahon at walang anumang pagkakataon na dapat ipauna ng isang Komunista ang kanyang personal na interes; kinakailangang ipailalim niya ang mga ito sa interes ng bansa at ng masa" (Ang Tungkulin ng Partido Komunista ng Tsina sa Pambansang Digma). Ilang kasama ang namimili sa iba't ibang klase ng gawain. Pumapayag silang gawin ang mga trabahong nagbibigay

sa kanila ng mas matataas na sahod at mas maiinam na kundisyon, ngunit hindi ang mga trabahong hindi ganito. Nagagalak silang gawin ang mga trabahong umaayon sa kanilang sariling mga mithiin. Nagnanais silang gawin ang mga trabahong magdadala sa kanila ng katanyagan, ngunit hindi ang mga trabahong hindi. Sa madaling sabi, ipinapauna nila ang kanilang mga personal na interes. Wala itong kinalaman sa diwa ng paglilingkod sa sambayanan nang buung-buo at lubos. Ipinakikita ng karanasan ng maraming tao na kapag iniisip lamang ng mga tao ang kanilang sarili, nagiging makitid ang kanilang isipan, at kapag kanilang iniisip lamang ang rebolusyon, nagiging bukas ang kanilang isipan.

Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Ang lahat ng ating kadre, anuman ang kanilang katungkulan, ay mga tagapaglingkod ng sambayanan, at anuman ang ating gawin ay para paglingkuran ang sambayanan. Paano pa tayo mag-aatubiling iwaksi ang alinman sa ating masasamang katangian?" (Ang mga Tungkulin para sa 1945) Sa gitna ng iba't ibang klase ng rebolusyonaryong gawain, mayroon lamang na hatian ng paggawa; wala nang mga pagkakaiba tulad ng mataas o mababa, marangal o hamak. Ang trabaho sa lahat ng gawain at propesyon ay kinakailangang bahagi ng rebolusyonaryong adhikain. Hanggat ating pinanghahawakan ang wastong aktitud sa ating trabaho, makakagawa tayong lahat ng mahahalagang kontribusyon sa mamamayan at magiging makabuluhan at may kinabukasan ang ating gawain. Sinumang gumagawa ng anumang hinihingi ng Partido at malugod itong ginagawa at may kapasyahan, nang hindi isinasaalang-alang ang katungkulan, pasanin at mga kundisyon ay isang mabuting kasama.

Mahigit sa isang dekada matapos sumanib sa hukbo si Chang Szu-teh, maligaya pa rin siyang maging isang

sundalo at itinuring ang paggawa ng uling bilang isang mahalagang tungkulin na ipinagkatiwala sa kanya ng Partido. Karapat-dapat siyang ituring na isang matapat na tagapaglingkod ng mamamayan. Sinabi ni Lei Feng: "Ang kabuuang tungkulin ng mga Komunista ay ang taus-pusong paglilingkod sa sambayanan." Anumang trabaho ang kanyang gawin, kanyang nagustuhan at ginawa ito nang mahusay. Nagdala siya ng liwanag saanman siya nagpunta. Sinabi ni Wang Chieh: "Ano ang ideyal? Ito ay ang isulong ang rebolusyon hanggang sa wakas. Ano ang kinabukasan? Ito ay ang rebolusyonaryong adhikain. Ano ang kaligayahan? Ito ay ang paglingkuran ang sambayanan." Dapat sundin ng bawat isa sa ating mga kasama ang kanilang halimbawa, iwaksi ang lahat ng pansariling interes, magtrabaho ng buong-puso at kaluluwa at sa isang praktikal na paraan sa anumang katungkulan, maging isang kumikinang na granaheng hindi kinakalawang sa rebolusyonaryong makinarya.

### 2. Mabuhay para sa sambayanan, mamatay para sa sambayanan.

Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Ang lahat ng tao ay talagang mamamatay, ngunit ang kamatayan ay maaaring mag-iba ng kabuluhan. Sinabi ng sinaunang manunulat na Tsinong si Szuma Chien, 'Bagamat sumasapit ang kamatayan sa lahat ng tao, maaaring higit na mabigat ito kaysa Bundok Tai o higit na magaan kaysa isang balahibo.' "Higit na mabigat kaysa Bundok Tai ang mamatay alang-alang sa sambayanan, subalit higit na magaan kaysa isang balahibo ang maglingkod sa mga pasista, at mamatay para sa mga nagsasamantala at mga nang-aapi." Sinabi rin niya: "Nagdurusa ang sambayanang Tsino; ating tungkulin ang iligtas sila at dapat tayong magpunyagi sa pakikibaka. Saanman may pakikibaka ay may pagpapakasakit, at ang

kamatayan ay isang pangkaraniwang pangyayari. Ngunit isinasapuso natin ang interes ng mamamayan, at kung mamamatay tayo alang-alang sa sambayanan, iyon ay isang makabuluhang kamatayan. Gayunman, kailangang gawin natin ang pinakamabuti para maiwasan ang mga di-kinakailangang pagpapakasakit." Dito, binigyan diin sa atin ni Tagapangulong Mao kung ano ang batayang aktitud na dapat taglayin ng isang rebolusyonaryo kaugnay ng usapin ng buhay at kamatayan.

Ang ating Partido ay isang rebolusyonaryong Partido at ang ating hukbo ay isang rebolusyonaryong hukbo. Ang pagrerebolusyon ay tiyak na nangangahulugang may kabayaran at pagpapakasakit.

"Ang mapait na pagpapakasakit ay nagpapalakas ng matatag na kapasyahan na nangangahas na pasikatin ang araw at buwan sa bagong kalangitan." (Mula sa tula ni Tagapangulong Mao na *Muling Pagbisita sa Shaoshan*)

Sinabi pa rin ni Tagapangulong Mao, "Manliliit ba ang Tsino sa harap ng mga kahirapan gayong hindi sila natatakot kahit sa kamatayan?" (*Paalam, Leighton Stuart*) Dahil walang pagkatakot sa kamatayan, walang anuman sa mundo ang makatatakot sa atin; sa kabaligtaran, tayo ang papawi sa mga multo at halimaw sa daigdig! Takot sa kamatayan ang mga modernong rebisyunista at nais mabuhay anuman ang kabayaran, kaya nais nilang malusaw ang rebolusyon. Lubusan nilang ipinagkanulo ang adhikain ng proletaryong rebolusyon. Maraming pagsubok ang kinakailangan para mapatunayan kung ang isang tao ay tunay na rebolusyonaryo, kung tunay siyang nagtatrabaho o nagkukunwari para sa sambayanan. At sa lahat ng pagsubok, ang pinakamabigat, pinakamatindi at pinakamahirap ay kung maaaring mamatay nang buong tapang o hindi ang sinuman kung hinihingi ito ng interes ng mamamayan.

Ang ating di-mabilang na rebolusyonaryong martir na kusang-loob na naghain ng kanilang buhay para sa interes ng sambayanan ay maniningning na halimbawa para sa atin. Nasawi sila para mabuhay ang mas maraming mamamayan at mapalaya ang masa. Higit na mabigat kaysa Bundok Tai ang kahulugan ng kanilang kamatayan at walang-hanggan silang mabubuhay sa puso ng sambayanan. Hindi iniwasan ni Liu Hu-lan ang mga kahirapan at panganib at tinungo niya sa wakas ang kanyang dakilang kamatayan sa harap ng buktot na kaaway para sa adhikain ng pagpapalaya sa mamamayan. Sumulat si Tagapangulong Mao ng isang papuri sa kanya na nagsasabing: "Namuhay siya ng isang dakilang buhay at namatay siya ng isang dakilang kamatayan." Isa itong panawagan sa lahat ng ating kasama na gawin nilang huwaran si Liu Hu-lan — mabuhay at mamatay para sa sambayanan.

Tanging sa pagiging di-makasarili magiging walang-takot ang sinuman. Tanging sa taus-pusong paglilingkod sa sambayanan maaaring maging isang taong may sukdulang katapangan ang sinuman. Talagang ito ay dahil sa kanilang tauspusong pagmamalasakit sa rebolusyon, sa sambayanan at sa interes publiko, kaya ang di-mabilang na mga rebolusyonaryong martir natin ay naging matatatag at matatapang na taong walang-takot sa kamatayan. Ganito ito ipinahayag ni Ouyang Hai: "Kung may pangangailangan para sa atin na ibigay ang ating buhay para sa mga Komunistang mithiin, dapat at kayang gawin ito ng bawat isa sa atin — nang hindi namumutla at kumakabog ang puso sa takot." Sa ganito ito ipinahayag ni Wang Chieh: "Para sa sambayanang naghihirap, kusang-loob kong tutunguhin ang aking kamatayan at hindi magbabago ang aking isipan kahit pa akyatin ko ang isang bundok ng espada at suungin ang

isang dagat ng apoy." At, ganito ito ipinahayag ni Twai Yung-hsiang: "Katulad ni Kasamang Norman Bethune, dapat ialay ng sinuman ang kanyang lakas at kanyang buhay para sa layunin ng pagpapalaya ng sangkatauhan at para sa komunismo." Nagpapakita ang lahat ng ito na hindi aksidenteng nagkaroon sila ng diwa ng pag-aalay ng kanilang sarili nang buong kagitingan. Ito ay dahil sa walang tigil silang nag-armas ng kaisipang Mao Zedong at nagtatag ng pandaigdigang proletaryong pananaw sa pang-araw-araw na buhay. Paano maiaalay ng isang taong nabubuhay lamang para sa kanyang sarili ang kanyang buhay sa isang dakilang layunin? Ang ganitong klase ng tao, kapag nakakasalubong sila ng mga kahirapan sa rebolusyonaryong pakikibaka, ay nakakakita ng kadiliman sa buong paligid, nagiging pesimistiko at nag-aatubili, at maaari pa ngang ipagkanulo ang rebolusyon. Tanging ang mga taong naaarmasan ng kaisipang Mao Zedong ang magkakaroon ng matibay na pananalig na tiyak na sa mamamayan pupunta ang tagumpay, at maaaring sa panahon ng kahirapan ay makakakita ng mga tagumpay at liwanag, makikibaka nang may walang-hanggang katapangan laban sa mga kahirapan, at magiting na iaalay ang kanilang buhay kapag hinihingi ito sa kanila ng interes ng sambayanan. Sa maikling salita, tanging ang taong nabubuhay para sa sambayanan ang maaaring mamatay para sa sambayanan. Tanging ang taong nakapangingibabaw sa mga pagsubok ng karaniwang panahon ang makapangingibabaw sa mga pagsubok ng mapagpasyang sandali.

Dahil sa itinataguyod natin ang katapangan at ang diwa ng kawalang-takot sa pagpapakasakit ay talagang hindi ito nangangahulugan na hindi na natin dapat bigyang-halaga ang ating mga buhay. Kabaligtaran pa nga, upang magpunyagi para sa interes ng mamamayan,

dapat nating bigyang-pansin ang kaligtasan at kalusugan, at gawin natin ang lahat para maiwasan ang mga walang-saysay na pagpapakasakit. Ibang-iba ito sa takot sa kamatayan o sa kawalan ng katapangan.

### 3. Para sa interes ng mamamayan, magpunyagi sa paggawa ng tama at iwasto ang mali.

Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Kung may mga pagkukulang man tayo, hindi natin ikinatatakot na matukoy at mapuna ang mga ito sapagkat naglilingkod tayo sa sambayanan. Maaaring tukuyin ninuman, maging sino man siya, ang ating mga pagkakamali. Kung tama siya, ating iwawasto ang mga ito. Kung makabubuti sa sambayanan ang kanyang iminumungkahi, ating ipatutupad ito. Kung sa kapakanan ng sambayanan, ipagpapatuloy natin ang paggawa ng tama at iwawasto ang mali, tiyak na uunlad ang ating hanay." Ipinakita dito ni Tagapangulong Mao ang batayang aktitud ng isang proletaryong rebolusyonaryong mandirigma sa pamumuna at pagpuna-sa-sarili — magpunyagi sa paggawa ng tama at iwasto ang mali para sa interes ng mamamayan.

Ang matapat na pagsasagawa ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili ay isang tatak na nagtatangi sa ating Partido sa lahat ng iba pang partidong pampulitika. Ang tradisyunal na mahusay na estilo ng paggawa ng ating Partido ay ang matapat na pagsasagawa ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili. Sa ganoong matapat na pamumuna at pagpuna-sa-sarili, nagagawa ng ating Partido na patuloy na pangibabawan ang lahat ng kahinaan at pagkakamali, labanan ang korapsyon na dulot ng kaisipang burges at kamtin ang tunay na pagkakaisa at konsolidasyon. Kung gayon, maaari nating anihin ang talino at suporta ng masa at patuloy na isulong ang ating rebolusyonaryong

adhikain.

Tayong mga Komunista ay maaaring magpanatili ng isang matapat na pagpapaunlad ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili dahil sa pang-ideolohiyang batayan ng tauspusong paglilingkod sa sambayanan. Kasing-aga ng dalawampung taon sa nakaraan, buong kataimtimang itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao: "Bilang mga Komunistang Tsino na ibinabatay ang lahat ng pagkilos sa pinakamataas na interes ng pinakamalawak na masa ng mamamayang Tsino at lubos na naniniwala sa katarungan ng ating adhikain, na hindi kailanman nagdadalawang-isip sa anumang personal na pagpapakasakit at handa sa lahat ng oras na ialay ang ating buhay para sa layunin, maaari ba tayong mag-atubili na iwaksi ang anumang kaisipan, pananaw, opinyon o pamamaraan na hindi umaangkop sa mga pangangailangan ng mamamayan? Maaari ba tayong pumayag na pabayaang dumihan ng pampulitikang alikabok at mikrobyo ang ating malilinis na mukha o kainin ang ating malulusog na organismo?" (*Hinggil sa Gubyernong Koalisyon*) Kung nais nating gawin ito — itong mahalagang tagubilin ni Tagapangulong Mao na matapat na paunlarin ang pamumuna, kailangan isinasapuso natin ang rebolusyonaryong adhikain at ang interes ng Partido at ng mamamayan, at iwaksi ang lahat ng pagsasaalang-alang sa personal na kapakinabangan at kawalan. Sa ganitong paraan, tayo ay magiging mga taong bukas ang isip at malinaw mag-isip at talagang magsisikap na gumawa ng tama at magwasto ng mali para sa interes ng mamamayan.

Kung laging ipinauuna ng isang tao ang "egoismo" ng higit sa lahat at nag-aalala sa personal na kapakinabangan at kawalan, hindi niya kakayaning maunawaan nang wasto ang kanyang mga pagkukulang at mga pagkakamali, at hindi magkakaroon ng wastong aktitud tungo sa lahat

klase ng pagpuna at mga mungkahi. Kapag mayroon siyang mga pagkukulang, umaarte siya sa paraang "hindi natatakot na matukoy ang mga ito," ngunit natatakot siya sa ibang bagay — natatakot na mapahiya o mawalan ng dangal, natatakot na humawak ng responsibilidad, o mawala ang kanyang mga ari-arian, at iba pa. Ang resulta ay hindi napangingibabawan ang mga pagkukulang, hindi naiwawasto ang mga pagkakamali, at kung gayon ay napipinsala ang Partido, ang mamamayan at ang kanyang sarili. Hindi niya itinuturing na kapantay ang iba at kung mayroon siyang mga pagkukulang, hindi niya tinutupad ang aral na: "Maaaring tukuyin ninuman, maging sino man siya, ang ating mga pagkakamali"; sa halip, nag-iiba-iba ang kanyang aktitud sa puna, handa niyang tanggapin ang puna mula sa mga nakatataas ang antas ngunit nakakaramdam siya ng kahihiyan sa puna mula sa mga nakabababa sa kanya; handa siyang tumanggap ng puna mula sa mga sumasang-ayon ang mga opinyon sa kanya at tumatanggi sa puna mula sa mga di sumasang-ayon ang mga opinyon. Sa pagharap sa mga opinyon ng iba, hindi niya sinusunod ang aktitud na "kung tama siya, ating iwawasto ang mga ito," ngunit kusang-loob na tumatanggi sa mga wastong opinyon ng iba sa pagdadahilang ang "aktitud" ng iba ay hindi angkop at ang puna ay hindi alinsunod sa mga katotohanan kaugnay ng maliliit usapin. Sa kanyang aktitud sa mga di gaanong wastong opinyon ng iba, sa halip na "iwasto ang mga pagkakamali kung nagawa mo ang mga ito at magbantay laban sa mga ito kung hindi mo nagawa," lalo lamang siyang nagagalit, na nagpapalala sa pagkakaiba-iba ng mga opinyon at nakakaapekto sa pagkakaisa sa pagitan ng mga kasama. Sa kanyang pagharap sa mga mungkahi ng masa, hindi siya kumikilos nang sang-ayon sa aral na "kung makakabuti sa sambayanan ang kanyang

iminumungkahi, ating ipapatupad ito," ngunit itinuturing niya ang sarili na matalino at mapamaraan at itinuturing ang masa na ignorante at walang kakayahan. Hindi siya naniniwala sa katalinuhan ng masa, tinatanggihan ang kanilang mga makatuwirang mungkahi, kaya pinapanlamig ang kanilang kasiglahan. Matamlay at tahimik siyang nagtatrabaho kaya nakikita niya ang sarili sa isang patuloy na lumalalang kalagayang walang lunas. Kung talagang nais nating magpunyagi sa paggawa ng tama at sa pagwawasto ng mali para sa interes ng mamamayan, dapat magkaroon tayo ng tapang na rebolusyonisahin ang ating sarili at pangibabawan ang lahat ng indibidwalistang makasariling kaisipan.

Sinabi ni Kasamang Lin Piao na dapat nating ituring ang ating sarili bilang isang bahagi ng lakas sa rebolusyon at kaakibat nito'y palaging gawing target ng rebolusyon ang ating sarili. Kailangang rebolusyonisahin natin ang ating sarili. Kung hindi natin isasagawa ito, imposibleng gawing matagumpay ang rebolusyon. Alinsunod sa mga tagubilin ni Kasamang Lin Piao, kailangang gamitin natin ang kaisipang Mao Zedong bilang isang sandata para ipatupad ang matapat na pagpuna-sa-sarili, rebolusyonisahin ang ating sarili sa kaibuturan ng ating kaluluwa, at walang humpay na ilunsad ang walang paghupang pakikibaka laban sa "egoismo." Kailangan panatilihin natin ang diwa ng tauspusong pagmamalasakit sa sambayanan, maging isang kasapi ng Partido Komunista sa ganap na kahulugan nito at isang proletaryong rebolusyonaryong mandirigma na hindi makasarili, nagtatanggol sa katotohanan at nagwawasto sa mga pagkakamali.

## 4. Pagkaisahin ang mga kasama, pagkaisahin ang mamamayan upang makamit ang iisang

**pangkalahatang rebolusyonaryong layunin.**

Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Tayo ay nagmula sa iba't ibang sulok ng bayan at nagbuklud-buklod para sa iisang rebolusyonaryong layunin. Kailangang makasama natin ang malawak na mayorya ng mamamayan sa landas patungo sa layuning ito..." At sinabi pa niya: "Dapat magmalasakit para sa bawat kawal ang ating mga kadre, at ang lahat ng tao sa rebolusyonaryong hanay ay dapat magmalasakit sa isa't isa, magmahalan at magtulungan." Naghapag si Tagapangulong Mao ng isang napakahalagang usapin dito, ang usapin ng rebolusyonaryong pagkakaisa.

Upang mapaglingkuran ang sambayanan at maipatupad ang mga tungkulin ng rebolusyon, kailangang lutasin ng ating hanay ang usapin ng panlabas at panloob na pagkakaisa. Ang pagkakaisa ay lakas. Maaaring malikha ang isang gahiganteng kapangyarihan para magapi ang kaaway, mapangibabawan ang mga kahirapan at maipagwagi ang mga tagumpay ng rebolusyon at konstruksyon kapag naabot lamang ang pagkakaisa sa loob ng ating mga rebolusyonaryong hanay at sa pagitan ng ating mga rebolusyonaryong hanay at ng malawak na masa ng mamamayan upang mabuo ang isang solidong militanteng entidad. Binigyang diin ni Tagapangulong Mao: "Ang pagkakaisa ng ating bayan, ang pagkakaisa ng ating mamamayan at ang pagkakaisa ng ating iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon — ang mga ito ang batayang garantiya ng tiyak na pagtatagumpay ng ating adhikain." (Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan) Dapat bigyang-pansin ng ating mga proletaryong rebolusyonaryong mandirigma ang napakalaking kahalagahan ng rebolusyonaryong pagkakaisa.

Ang ating pagkakaisa ay pagkakaisa para sa iisang

pangkalahatang rebolusyonaryong layunin, isang pagkakaisa ng kagustuhan at hangarin. Sa kasalukuyang yugto ng ating bansa, ang pagkakamit ng sosyalismo at paghahanda sa mga kundisyon para sa transisyon tungong komunismo ang ating rebolusyonaryong layunin. Kaya, dapat tayong makipagkaisa sa lahat ng handang tumahak sa sosyalistang landas. Ang kaisipang Mao Zedong ang ilaw na tumatanglaw sa sosyalistang landas na ating matatag na tinatahak at ang batayang garantiya para sa pagkakamit ng ating pangkalahatang rebolusyonaryong layunin. Kaya, ang kaisipang Mao Zedong at ang linya ng Partido at ang mga patakarang hinango sa ilalim ng patnubay ng kaisipang Mao Zedong ay ang mga pangkalahatang batayang pang-ideolohiya ng ating pagkakaisa. Para doon sa mga lumalaban sa Partido, lumalaban sa sosyalismo at lumalaban sa kaisipang Mao Zedong — ang sasandakot na taong nasa Partido na nasa awtoridad at tumatahak sa kapitalistang landas, ang makakanang burges at ang mga kontra-rebolusyonaryong rebisyunista — dapat ilunsad natin ang isang matatag na pakikibaka laban sa kanila.

Dahil ang mga kasama sa ating hanay ay nagmula sa lahat ng sulok ng bayan, mayroong mga pagkakaiba sa kanilang pang-ideolohiyang antas, mga karanasan, mga indibidwal na katangian, mga pag-uugali at iba pa, at maaaring may napakalaking pagkakaiba ang kanilang mga opinyon at mga aktitud sa iisang bagay. Sa ganoong mga pangyayari, paano makakamit ang mutwal na pag-unawa at pagkakaisa sa hanay ng mga kasama para magkaroon sila ng iisang layunin at magtulungan para mahusay na magampanan ang kanilang gawain? Nakapaloob dito ang mga usapin ng pamamaraan at aktitud, ang aktitud ang pinakapundamental dito.

Ito ay isang usapin ng pagkilos para sa pansariling

interes o para sa interes publiko. Natural na hindi makakamit ang pagkakaisa kung magmumula sa mga makasariling interes at mga personal na kagustuhan at di kagustuhan ang relasyon ng mga kasama.

Ang mga kadre ay maaaring magpakita ng tunay na pagmamalasakit sa bawat kawal kung mayroon lamang isang dakilang diwa ng tauspusong paglilingkod sa publiko at malalim na makauring damdamin para sa mga kasama. Si Kasamang Wang Yuchang na mapagmahal sa mga kawal ay isang ganoong tao. Kapag nagkasakit ang isang kawal, nawawalan din siya ng gana at hindi makatulog. Dinaranas niya ang katulad ng sa kawal na may sakit. Kapag sumusuong sa mga kahirapan ang isang kawal, walang-kapaguran siyang nagtatrabaho para makatulong sa paglutas ng mga kahirapang ito. Sa isang kawal na may mga pagkakamali, nagsasagawa muna siya ng pagsusuri-sa-sarili sa pagiging hindi lubos na masinop sa pagsasagawa ng kanyang mga responsibilidad. Malimit sabihin ni Wang Yuchang: "Ang pagmamalasakit sa kawal ay pagmamalasakit sa rebolusyon. Kaya kong ibigay ang lahat para sa kapakanan ng rebolusyon." Limang beses niyang isinuong ang kanyang buhay upang iligtas ang buhay ng mga sundalo.

Kapag mayroon lamang dakilang diwa ng taus-pusong paglilingkod sa interes publiko at kapag mayroong malalim na makauring damdamin para sa mga kasama maaaring mapaunlad sa hanay ng mga rebolusyonaryong kasama ang makauring pagmamahal at ang Komunistang estilo. Sa ganitong paraan lamang maaaring ituring ng sinuman ang mga usapin ng prinsipyo sa isang seryoso at responsableng paraan at magiging mahusay sa pagbibigay ng mga konsesyon hinggil sa mga usaping hindi nakaugnay sa prinsipyo. Sa lahat ng kaso, sa ganito lamang maipapakita ng sinuman

ang higit na pagmamalasakit sa iba kaysa sa sarili at ang pangunguna sa pagtanggap ng mga kahirapan at sa pagiging huli sa pagtatamasa ng kasiyahan. Sa ganito lamang mababalikat ng sinuman ang mga kahirapan at maipauubaya sa iba kung ano ang maginhawa; matututo sa mga abante at matutulungan ang mga di-gaanong abante; at buong kahandaang matatanggap ang mga panganib at maipauubaya sa iba ang mga karangalan. Sa ganoong kataas na diwa ng kolektibismo, magiging mahigpit na nagkakaisa ang ating mga hanay tulad ng isang piraso ng aserong makakawasak sa anumang moog at magiging matagumpay kahit saan.

Upang mapaglingkuran ang mamamayang Tsino at ang mamamayan ng daigdig nang buung-buo at lubusan, sa daloy ng rebolusyonaryong pakikibaka, dapat palakasin ng mga kasama sa ating mga rebolusyonaryong hanay ang pagkakaisa at magpunyaging makipagkaisa sa lahat ng maaaring pagkaisahin. Dapat tayong makipagkaisa sa malawak na mayorya ng mamamayan ng buong bayan, magkakasamang makibaka, puspusang gapiin ang lahat ng kaaway sa uri, isulong ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura hanggang sa wakas, at kamtin ang ganap na tagumpay ng sosyalistang rebolusyon at ng sosyalistang konstruksyon sa Tsina. Dapat tayong makipagkaisa sa malawak na mayorya ng mamamayan ng daigdig, magkakasamang makibaka, lubusang gapiin ang imperyalismo, modernong rebisyunismo at lahat ng reaksyunaryo sa lahat ng bayan, at makipaglaban para sa katuparan ng dakilang mithiin ng komunismo.

"Jiefangjun Bao," Nobyembre 30, 1966

# Sa Alaala ni Norman Bethune

**Disyembre 21, 1939**

Si Kasamang Norman Bethune, isang kasapi ng Partido Komunista ng Canada ay humigit-kumulang limampung taong gulang noong ipadala siya sa Tsina ng Partido Komunista ng Canada at Partido Komunista ng United States; hindi niya inalintana ang paglalakbay ng libu-libong milya upang tulungan tayo sa ating Digma ng Pagtatangol Laban sa Japan. Dumating siya sa Yenan sa tagsibol ng nakaraang taon, kumilos sa Bulubunduking Wutai at sa labis nating dalamhati, namatay na isang martir habang tumutupad ng kanyang tungkulin. Anong uri ng diwa ba ito na nagagawang walang pag-iimbot na ituring ng isang dayuhan na sarili niyang layunin ang pagpapalaya ng sambayanang Tsino? Ito ay ang diwa ng internasyunalismo, ang diwa ng komunismo, na dapat matutunan ng bawat Komunistang Tsino. Itinuturo sa atin ng Leninismo na magtatagumpay lamang ang pandaigdigang rebolusyon kung susuportahan ng proletaryado ng mga kapitalistang bayan ang pakikibaka para sa pagpapalaya ng mga mamamayan sa kolonya at malakolonya at kung susuportahan ng proletaryado ng mga kolonya at malakolonya ang pakikibaka ng proletaryado ng mga kapitalistang bayan.[1] Isinabuhay ni

---

1 Tingnan J.V. Stalin, "Ang Pundasyon ng Leninismo" (Abril-Mayo 1924), Mga Suliranin ng Leninismo, Edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1954, pahina. 7—79.

Kasamang Bethune ang Leninistang linyang ito. Tayong mga Komunistang Tsino ay dapat ding sumunod sa linyang ito sa ating praktika. Dapat tayong makipagkaisa sa proletaryado ng lahat ng kapitalistang bayan — sa proletaryado ng Japan, Britain, United States, Germany, Italy at lahat ng iba pang kapitalistang bayan — sapagkat sa ganitong paraan lamang maibabagsak ang imperyalismo, mapalalaya ang ating bansa at sambayanan, at mapalalaya ang ibang mga bansa at mga mamamayan ng daigdig. Ito ang ating internasyunalismo, ang internasyunalismo na isinasalungat natin kapwa sa makitid na nasyunalismo at makitid na patriyotismo.

Ang diwa ni Kasamang Bethune, ang kanyang lubos na pagmamalasakit sa kapwa nang walang pagsasaalang-alang sa sarili ay ipinakita sa kanyang walang hanggang diwa ng pagpapahalaga sa kanyang tungkulin at sa kanyang walang hanggang pagmamahal sa lahat ng kasama at sa mamamayan. Dapat matuto ang lahat ng Komunista sa kanya. Hindi iilang tao ang iresponsable sa kanilang tungkulin, mas gusto ang magaan at umiiwas sa mabigat, ipinapasa ang mabibigat na gawain sa iba at pinipili ang magagaan para sa kanilang sarili. Sa lahat ng pagkakataon, iniisip nila ang sarili bago ang iba. Kapag nakagawa sila ng ilang maliit na ambag, lumalaki ang kanilang ulo at ipinagyayabang ang nagawa sa takot na baka hindi malaman ng iba. Wala silang init na nadarama tungo sa mga kasama at sa mamamayan, bagkus ay malamig, walang-bahala at walang-malasakit. Sa katunayan, hindi mga Komunista ang ganitong mga tao, o hindi maituturing na tapat na mga Komunista, sa pinakamenos.Walang sinumang bumalik mula sa larangan ang hindi nagpahayag ng kanyang paghanga para kay Bethune tuwing mababanggit ang kanyang

pangalan, at walang hindi naantig ng kanyang diwa. Sa hanggahang purok ng Shansi-Chahar-Hopei, walang kawal o sibilyan na ginamot ni Dr. Bethune o nakakita kung paano siya kumilos, ang hindi naantig. Dapat na matutunan ng lahat ng Komunista ang tunay na diwang Komunista mula kay Kasamang Bethune.

Si Kasamang Bethune ay isang doktor, ang sining ng panggagamot ang kanyang propesyon at patuloy niyang pinagbubuti ang kanyang kasanayan na napakataas sa serbisyong medikal ng Hukbo ng Ikawalong Ruta. Isang mabuting aral ang kanyang halimbawa para sa mga nagnanais na palitan ang kanilang tungkulin kapag nakakita sila ng bagay na naiiba at para sa mga humahamak sa gawaing teknikal bilang walang kabuluhan o walang kahihinatnan.

Si Kasamang Bethune at ako ay minsan lamang nagkita. Pagkaraan, madalas siyang sumulat sa akin. Ngunit abalang-abala ako noon at minsan ko lamang siya nasulatan, at hindi ko pa alam kung natanggap niya ito. Labis akong nagdadalamhati sa kanyang pagkamatay. Ngayon, pinararangalan natin siya, na nagpapakita kung gaano kalalim ang inspirasyong dulot ng kanyang diwa. Dapat na matuto tayong lahat sa kanyang diwa ng ganap na di-makasarili. Sa diwang ito, magiging kapaki-pakinabang ang bawat isa sa mga mamamayan. Malaki man o maliit ang kakayahan ng isang tao, kung taglay niya ang diwang ito, isa na siyang marangal at wagas, isang taong may integridad at nakapangingibabaw sa mga bulgar na interes, isang taong kapaki-pakinabang sa sambayanan.

# Komentaryo sa *Sa Alaala ni Norman Bethune*

Ang *Sa Alaala ni Norman Bethune* ay isinulat ni Tagapangulong Mao noong Disyembre 21, 1939, hindi pa naglalaon matapos ang pagkamatay ni Kasamang Bethune.

Si Norman Bethune, isang tanyag na siruhano, ay isang kasapi ng Partido Komunistang Canadian. Noong 1936, nang sakupin ng mga pasistang German at Italian ang Espanya, nagtungo siya sa larangan upang paglingkuran ang antipasistang pakikibaka ng mamamayang Espanyol. Noong sumiklab sa Tsina ang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Japan (1937-45), pinamunuan niya ang isang grupong medikal na dumating sa Yenan noong Marso o Abril ng 1938. Doon, tinanggap siya ni Tagapangulong Mao at malugod na nakipag-usap sa kanya. Pagkatapos, nagtungo siya sa Eryang militar ng Shansi-Chahar-Hopei at naging tagapayong medikal sa lugar. Sa ilalim ng mahihirap na kundisyon ng digma, nakibahagi siya sa mga araw na mabuti at masama kasama ang mga kadre at mandirigma ng Hukbo ng Ikawalong Ruta (ang sinundan ng Hukbong Mapagpalaya ng Mamamayang Tsino) at nagtrabaho nang mabuti at di-makasarili sa hanay ng maysakit at sugatan nang may dalawang taon. Nagkaloob siya ng maringal na ambag sa layunin ng pagpapalaya ng mamamayang Tsino. Nagkalason ang kanyang dugo habang nag-oopera sa mga nasugatang sundalo at namatay noong Nobyembre 12, 1939 sa Tanghsien, lalawigan ng Hopei.

Isinulat ni Tagapangulong Mao ang maningning na akdang ito upang gunitain itong dakilang internasyunalistang mandirigma.

Ang *Sa Alaala ni Norman Bethune* ay isang dakila at klasikong dokumento ng Komunistang edukasyon. Isa itong esensyal na kurso sa batayang pag-aaral para sa lahat ng rebolusyonaryo sa pagtatamo ng komunistang pananaw sa daigdig. Binabanggit ang maringal na halimbawa ni Kasamang Bethune, ipinaliliwanag nang malaliman ngunit sa paraang madaling maintindihan ng maningning na akdang ito kung ano ang diwa ng internasyunalismo at komunismo na dapat taglayin ng lahat ng proletaryong rebolusyonaryong mandirigma. Sa mahigit na dalawampung taon, nagbigay ang dakilang akdang ito ng isang di-matatawarang impluwensya sa pag-aaral at pagbibigay-sigla sa malawak na masa ng mamamayan at mga kadre ng Tsina. Nilinang si Lei Feng (isang Komunistang mandirigma ng P.L.A. na nasawi) at iba pang mga katulad ni Lei Feng ng dakilang kaisipang taglay nito. Ang Komunistang diwa ng "ganap na pagmamalasakit sa iba nang walang anumang pag-iisip para sa sarili" at ng "lubos na di-pagkamakasarili" na pinuri ni Tagapangulong Mao sa artikulong ito ay may napakalaking kahalagahan sa paglilinang ng mga bagong Komunista, para sa pagbabago ng ispiritwal na pananaw ng ating mamamayan at para sa pagtataguyod ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon ng ating bayan.

Ang kasalukuyang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura sa Tsina ay isang dakilang rebolusyong pang-ideolohiya para pawiin ang ideolohiyang burges at pagyamanin ang ideolohiyang proletaryo, at para pawiin ang makasariling interes at pagyamanin ang interes publiko. Nagbibigay sa atin ang dakilang akdang ito ng

isang makapangyarihang sandatang pang-ideolohiya upang pawiin ang pansariling interes at pagyamanin ang interes publiko, baguhin ang ating pananaw sa daigdig at rebolusyunisahin ang ating pag-iisip. Dapat pag-aralan ng bawat kasama ang artikulong ito sa daloy ng pakikibaka, pawiin ang pansariling interes, pabilisin ang pagbabago sa pananaw, aktibong lumahok at ipagtanggol ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura hanggang sa wakas.

Sa pag-aaral sa dakilang akdang ito, kailangang bigyan natin ng natatanging pansin ang paggagap sa sumusunod na punto:

**1. Pawiin ang makasariling interes at pagyamanin ang interes publiko, baguhin ang ating pananaw sa daigdig at maging mga bagong Komunista.**

Tinatawagan tayo na matuto kay Kasamang Bethune, binigyang diin ni Tagapangulong Mao ang: "Dapat na matuto tayong lahat sa kanyang diwa ng lubos na di-pagkamakasarili. Sa diwang ito, magiging kapaki-pakinabang ang bawat isa sa mamamayan. Maaaring malaki o maliit ang kakayahan ng isang tao, ngunit kung taglay niya ang diwang ito, isa na siyang marangal ang isip at wagas, isang taong kapaki-pakinabang sa sambayanan." Binanggit dito ni Tagapangulong Mao ang batayang pamantayan para maging isang bagong Komunista ang isang rebolusyonaryo — dapat taglayin ng sinuman ang diwa ng lubos na di-pagkamakasarili ni Kasamang Bethune at itatag ang pananaw sa daigdig ng proletaryado ng taus-pusong pagmamalasakit sa interes publiko.

Ang bawat isa ay may kanya-kanyang pananaw sa daigdig, na gumagabay sa lahat ng kanyang iniisip, sinasabi at ginagawa. Sinasabi ni Tagapangulong Mao: "Ang pagbabagong ito sa pananaw sa daigdig ay isang

bagay na pundamental …." Ang pagbabago sa pananaw sa daigdig ay isang pagbabago sa batayang aktitud tungo sa buhay, lipunan at sa lahat ng bagay, isang pagbabago sa mga bagay na esensyal sa iniisip ng sinuman. Kapag nagbabago ang pananaw sa daigdig ng sinuman, isang pundamental na pagbabago ang talagang nagaganap sa kanyang estilo ng pag-iisip.

Ang pananaw sa daigdig ng sinuman ay salamin ng katauhang panlipunan ng sinuman; ito ay may makauring katangian. Ipinakita ni Tagapangulong Mao: "… gayunman, kaugnay ng pananaw sa daigdig ngayon, sa batayan ay mayroon lamang dalawang paaralan, ang proletaryo at ang burges. Ito ay ang isa o ang kabila, alinman sa proletaryo o sa burges na pananaw sa daigdig." Ang bag-as ng proletaryong pananaw sa daigdig ay ang konsepto ng ganap na pagmamalasakit sa interes publiko, ang konsepto ng tauspusong paglilingkod sa sambayanan, ang Komunistang diwa ng ganap na pagmamalasakit sa iba nang hindi iniisip ang sarili. Ang bag-as ng burges na pananaw sa daigdig ay ang konsepto sa pansariling interes, pagkamakasarili, pagsusulong ng sariling interes sa kapinsalaaan ng iba at labis-labis na indibidwalismo. Kung gayon, para sa ating mga rebolusyonaryo, sa pagsisikap na baguhin ang ating pananaw sa daigdig at rebolusyonisahin ang ating pag-iisip, ang pundamental na bagay ay ang pagpawi sa pansariling interes at pagtataguyod ng pagmamalasakit sa interes publiko, pagpawi sa ideolohiyang burges ng indibidwalismo at pagpapaunlad ng proletaryong ideolohiya ng kolektibismo.

Kapag ganap na naalis lamang ng sinuman ang burges na konsepto ng pansariling interes at matibay na naitatag ang proletaryong konsepto ng pagmamalasakit sa interes publiko at saka lamang maiwawaksi ng sinuman ang lahat

ng pag-iisip ng paghahangad sa personal na katanyagan at kapakinabangan, hindi matatakot sa paghihirap o sa kamatayan at magiging ganap na nagmamalasakit sa iba nang walang anumang iniisip para sa sarili, paglilingkuran ang sambayanan nang buung-buo at lubusan at magiging higit na kapaki-pakinabang sa mamamayan.

Ang isang bagong lipunan ay nangangailangan ng isang bagong tipo ng mamamayan para maitayo ito. Hinihingi ng sosyalistang panahon na unti-unting matransporma ang mamamayan tungo sa mga bagong Komunista. Sa malaking bilang ng ganoong bagong mamamayan, ligtas nating malalabanan ang kalawang ng rebisyunismo at mapipigil ang panunumbalik ng kapitalismo, matagumpay na malulubos ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon at unti-unting maaabot ang komunismo.

Ang pagpawi sa pansariling interes at pagpapaunlad ng interes publiko interes sa larangang pang-ideolohiya ay isang mahaba at mahirap na proseso ng pakikibaka. Hindi hihinto ang ganoong mga pakikibaka hanggat umiiral ang mga uri at tunggalian ng mga uri. Umiral na sa loob ng ilang libong taon ang pribadong pagmamay-ari; may pinakamalalim na impluwensya sa mga mamamayan ang konsepto ng pansariling interes ng mga nagsasamantalang uri na nagtataguyod ng pribadong pagmamay-ari. Isang mahigpit na kaaway ito, na nanunuot sa lahat. Maaari itong puspusang maitakwil sa isang partikular na usapin at sa isang partikular na anyo ngayon, ngunit sa hinaharap ay lilitaw ito muli sa ibang usapin at sa ibang anyo. Kaya, ang pakikibaka para pawiin ang pansariling interes at pagpapaunlad ng interes publiko ay kailangang isagawa nang paulit-ulit at tuluy-tuloy sa buong buhay ng sinuman. Kinakailangang matiyagang magsagawa ng ganoong pakikibaka ang bawat kasama, bago man o

luma, anuman ang uring pinagmulan.

**2. Paunlarin ang diwang internasyunalista at ituring bilang sariling pananagutan ang pandaigdigang rebolusyon.**

Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: "Anong uri ng diwa ba ito na nagagawang walang pag-iimbot na ituring ng isang dayuhan na sarili niyang layunin ang pagpapalaya ng sambayanang Tsino? Ito ay ang diwa ng internasyunalismo, ang diwa ng komunismo, na dapat matutunan ng bawat Komunistang Tsino." Ipinaliliwanag sa atin ni Tagapangulong Mao ang mahalagang puntong ito: Dapat maging isang internasyunalista ang isang Komunistang mandirigma at dapat kanyang gawing pananagutan ang pandaigdigang rebolusyon.

Ang Komunistang layunin ay ang kolektibong adhikain ng proletaryadong internasyunal. Kapag napalaya lamang ang buong sangkatauhan saka maaaring makamit ng proletaryado ang kanyang ganap na kalayaan. Ang proletaryong rebolusyon ay nangangahulugan ng pagwawakas sa imperyalismo, kapitalismo at lahat ng sistema ng pagsasamantala sa buong mundo. Kapwa ito napakalaki at napakahirap na tungkulin. Kapag nagkaisa lamang ang proletaryado at mamamayan ng daigdig sa mutwal na pagtutulungan at naglunsad ng pakikibakang komun maaaring makumpleto ang dakilang adhikaing ito.

Ang rebolusyon ng isang bayan ay nakasalig pangunahin sa pagsisikap ng sariling mamamayan nito at sa kanilang matatatag na pakikibaka, ngunit kailangang-kailangang kundisyon din ang suporta at tulong mula sa mga rebolusyonaryong pwersang internasyunal. Kung wala ang iba't ibang anyo ng suporta at tulong mula sa mga pwersang iyon, imposibleng magtagumpay sa alinmang bayan ang isang tunay na rebolusyong

bayan. Imposible ring makonsolida ang tagumpay matapos itong makamit. Sa batayan ng pagsalig sa mga pagsisikap ng sariling mamamayan at nang may simpatya at suporta mula sa mamamayan ng daigdig, nakamit ng rebolusyong Tsino ang dakilang tagumpay nito. Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Ang mga mamamayan na nagtagumpay sa kanilang sariling rebolusyon ay dapat na tumulong doon sa mga nakikibaka pa para sa pagpapalaya. Ito ang ating internasyunalistang tungkulin." Sa pagtalima sa mga aral ni Tagapangulong Mao, ang mamamayang Tsino na nagpapakita ng malalim na proletaryong internasyunalistang diwa ay walang-maliw na nagbibigay ng mahigpit na suporta at tulong sa mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mga inaaping bansa at mamamayan ng daigdig.

Ang mga modernong rebisyunista, na pinamumunuan ng nangungunang pangkatin sa C.P.S.U., ay tumalikod mismo sa rebolusyon at nagbawal sa iba na magrebolusyon. Dahil kanilang ibinenta na ang mga interes ng rebolusyonaryong mamamayan, nakipagtulungan sila sa imperyalismong U.S. sa bigong pagtatangka na apulain ang mga naglalagablab na apoy ng rebolusyon ng mamamayan ng daigdig. Hinggil sa usapin ng pakikibaka ng Vietnam laban sa agresyon ng U.S., nagtaguyod sila ng isang doble-karang kontra-rebolusyonaryong patakaran ng huwad na pagsuporta ngunit tunay na pagkakanulo. Kanilang ganap na ipinagkanulo ang proletaryong internasyunalismo at naging mga kasabwat at tagasunod ng imperyalismong U.S. Ngayon, ibinaling ng rebolusyonaryong mamamayan sa lahat ng panig ng daigdig ang kanilang mga puso sa Beijing at kay Tagapangulong Mao. Sa ganitong mga sirkunstansya, kailangang magsagawa ng higit pang tungkuling internasyunalista ang mamamayang Tsino. Sinabi ni

Tagapangulong Mao: "Ang Tsina ay isang lupain na may lawak na 9,600,000 kilometro kwadrado at populasyon na 600 milyong katao, at dapat na makapag-ambag nang mas malaki sa sangkatauhan." Dapat na lubos na maunawaan ng bawat isa sa ating mga kasama ang kasalukuyang sitwasyong internasyunal at ang malaking tungkuling ating binabalikat. Dapat masigla nating paunlarin ang proletaryong internasyunalistang diwa, tumayo nang matatag sa unahan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ng daigdig, mahigpit na sumuporta sa kanilang mga rebolusyonaryong pakikibaka, matapat na magsulong ng pakikibaka laban sa imperyalismo at modernong rebisyunismo hanggang sa wakas at buong katapatang magsulong ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo sa kaganapan.

Ang pagpapaunlad ng proletaryong internasyunalistang diwa ay nangangahulugan ng pagkakawing ng rebolusyong Tsino sa pandaigdigang rebolusyon, ng pagsasama-sama ng pagsisikap ng sinuman na maging isang rebolusyonaryo sa sariling bayan at sa internasyunal, at pagsasanib ng patriyotismo at internasyunalismo. Dapat na magsikap ang bawat kasama na rebolusyonisahin ang ating mga pag-iisip upang mapaunlad ang rebolusyonaryong tungkuling ating isinasagawa, patuloy na magkamit ng mga bagong tagumpay at mas mahusay na harapin ang rebolusyong sosyalista at konstruksyon ng ating bayan upang maging mas masagana at malakas sa bawat araw ang ating bayan. Kaugnay ito ng pundamental na interes ng mamamayang Tsino at bumubuo rin sa epektibong suporta sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ng daigdig. Kailangang panatilihin ng bawat isa sa ating rebolusyonaryong mandirigma ang walang-humpay na pagmamatyag, pabilisin ang paghahanda laban sa digma,

maging handa sa lahat ng panahon para wasakin ang anumang agresyon ng imperyalismong US at ng mga kasabwat nito laban sa Tsina at gawing di magagapi ang depensa ng ating inang-bayan.

Ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura na isinasagawa ngayon sa ating bayan ay naglalayon na pawiin ang mga ugat ng rebisyunimo at tiyakin na ang ating sosyalistang inang-bayan ay hindi magbabago ng kulay at walang hanggang sumulong nang matagumpay. Isa itong isyu na may pangunahing kahalagahan na nakakaapekto sa kahihinatnan at kinabukasan ng ating Partido at estado, gayundin, ng mamamayan ng daigdig. Dapat matatag nating ipatupad ang proletaryong rebolusyonaryong linyang kinakatawan ni Tagapangulong Mao, matatag na labanan ang burges na reaksyunaryong linya, ganap na pabagsakin ang sasandakot na tao sa loob ng Partido na nasa kapangyarihan na tumatahak sa kapitalistang landas, at isulong ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura hanggang sa wakas.

**3. Paunlarin ang diwang Komunista at ang walang hanggang diwa ng pagpapahalaga sa gawain.**

Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Ang diwa ni Kasamang Bethune, ang kanyang lubos na pagmamalasakit sa kapwa nang walang pagsasaalang-alang sa sarili ay ipinakita sa kanyang walang hanggang diwa ng pagpapahalaga sa kanyang tungkulin at sa kanyang walang hanggang pagmamahal sa lahat ng kasama at sa mamamayan. Dapat matuto ang lahat ng Komunista sa tunay na diwang Komunistang ito mula kay Kasamang Bethune."

Tayong lahat ay kumikilos para sa interes ng mamamayan at ng rebolusyon. Bawat tagumpay na ating makamit ay isang kontribusyon para sa rebolusyong Tsino at sa pandaigdigang rebolusyon. Kung gayon, hinihingi sa

atin ng interes ng rebolusyon ang isang walang hanggang diwa ng pagpapahalaga sa tungkulin at isang mahalagang palatandaan ito ng katapatan ng isang rebolusyonaryong mandirigma sa Partido, sa mamamayan at sa rebolusyon.

Ang iwalang hanggang pagpapahalaga sa tungkulin ng sinuman ay ang diwang itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao, ang diwa ng paglilingkod sa sambayanan nang "tauspuso," "buung buo" at "lubusan," ang diwa ng "pagiging matapat," ng "pagiging di-makasarili," pagkilos nang buong lakas ng sinuman, taus-pusong pagmamalasakit sa tungkulin sa publiko, at matahimik ngunit masikhay na paggawa, "ang diwa ng pagiging tulad ng isang kalabaw para sa proletaryado at sa masa, hinuhutok ang kanilang mga gulugod sa gawain hanggang sa pagsapit ng kanilang kamatayan." Hinihingi nito na kumilos tayo hindi para sa katanyagan o kapakinabangan, na hindi tayo matakot sa kagipitan o kamatayan, takdaan ang ating sarili ng mataas na pamantayan at hingan ang ating sarili ng mahihigpit na panuntunan, kumilos nang buong sipag, buong tapat at buong ingat, itaguyod ang katotohanan at iwasto ang mga pagkakamali, gampanan ang lahat ng ating tungkulin para magkaroon ng mas marami, mas mabilis, mas mahusay na resulta, bigyang-pansin ang pagsusuma ng ating mga karanasan at ipagpatuloy ang pagtuklas, pag-imbento, paglikha at pagsulong.

Binigyang-diin ni Tagapangulong Mao: "Si Kasamang Bethune ay isang doktor, ang sining ng panggagamot ang kanyang propesyon at patuloy niyang pinagbubuti ang kanyang kasanayan." Ang walang hanggang diwa ng pagpapahalaga sa tungkulin ng sinuman ay nangangahulugan ng pagsunod sa halimbawa ni Kasamang Bethune, ang mahalin kung anuman ang

ginagawa, at ang tauspusong pagkilos para sa rebolusyon. Nangangailangan ng lahat ng klase ng espesyalisasyon ang rebolusyonaryong adhikain. Anuman ang kasanayan, dapat patingkarin ang pulitika, maging mahigpit sa pagpapauna ng pulitika at ipauna ang mga gawaing pampulitika at pang-ideolohiya. Lubusang kinakailangan sa ilalim ng kundisyon ng pagpapauna sa pulitika at ideolohiya sa unahan ang matiyagang pagkilos para paunlarin at perpektuhin ang propesyunal na kakayahan. Pagpapahayag ito ng diwa ng pagpapahalaga sa adhikain ng rebolusyon.

Ang isang walang hanggang diwa ng pagpapahalaga sa tungkulin ay nakabatay sa isang Komunistang ideolohiya. Tanging dakilang gawain ang nakabatay sa isang Komunistang ideolohiya. Tanging mga dakilang pantas ang makakapagpalitaw ng malaking lakas. Tanging sa matatag na pagpupunyagi para sa dakilang diwa ng komunismo — ang pagkakawing ng gawain sa buong adhikain ng rebolusyon at buung-buong pagsasanib ng personal na interes sa mga nasa rebolusyon — maaaring makamit ang isang mataas na antas ng rebolusyonaryong kamulatan at diwa ng pagpapahalaga. Ito mismo ang ginawa ni Kasamang Bethune. Sinabi niya: "Ang tangi kong mithi ay ang higit na makapag-ambag." Minsan, matapos ang ilang nakakapagod na gawain, sinabi niya: "Nais kong ibigay ang bawat sandali sa ating mahalagang gawain." Kahit na sa kanyang mga huling sandali, hindi niya kailanman kinalimutan ang kanyang tungkulin. Sinabi niya, "Ako ay labis na nag-aalala sa mga sugatan sa larangan. Kailangang kong bumalik sa larangan kapag may lakas na magpatuloy." Sa kanyang huling habilin, iminungkahi niya sa pamunuan na "kagyat na buuin ang mga pangkat ng siruhano para sa tulong medikal sa

larangan." Ang kanyang mga naiisip noong panahong iyon ay bumabaling pa sa mga usapin tulad ng kung saan makabibili ng mga gamot sa mas murang presyo.

**4. Paunlarin ang Komunistang diwa ng walang-hanggang pagmamahal sa lahat ng kasama at sa mamamayan.**

Ang "walang-hanggang pagmamahal sa lahat ng kasama at sa mamamayan" ni Kasamang Bethune na pinuri ni Tagapangulong Mao ay isang mahalagang palatandaan ng Komunistang kamulatan ng isang rebolusyonaryong mandirigma.

Ang lahat ng ating kasama ay magkakapatid sa uri at pinagbubuklod tayo ng dakilang adhikain ng komunismo. Tayong lahat ay mga tagapaglingkod ng sambayanan. Kaya, dapat ating bigyan ng walang-hanggang pagmamahal ang lahat ng ating kasama at ang mamamayan. Sa ganito lamang natin mapagkakaisa ang lahat ng kasama at ang mamamayan, mapapakilos ang lahat ng positibong salik at malilikha ang isang napakalaking pwersang magsasakatuparan niyong dakila, walang-katulad na istorikong simulain ng sangkatauhan — ang komunismo.

Ang pagpapakita ng walang-hanggang pagmamahal sa mga kasama at sa mamamayan ay nangangahulugan ng pagtalima sa mga aral ni Tagapangulong Mao: "Ang lahat ng tao sa rebolusyonaryong hanay ay dapat magmalasakit sa isa't isa, magmahalan at magtulungan," "tauspusong maglingkod sa sambayanan at kahit sa isang sandali ay huwag ihiwalay ang ating sarili sa masa," sila ay "dapat mas magmalasakit sa Partido at sa masa kaysa sinumang indibidwal, at mas magmalasakit sa iba kaysa kanilang sarili," "iwanan sa iba ang kaalwanan

at kaginhawahan at kunin mismo ang mabibigat na pasanin; (maging) una sa pagharap sa kahirapan, huli sa pagtatamasa ng mga kaginhawahan." Hinggil dito, isang maringal na halimbawa sa atin si Kasamang Bethune. Sinabi niya: "ano ang tungkulin ng isang doktor, ng isang nars, ng isang katulong? Iiisa lamang iyon. Iyon ay ang pasayahin ang inyong mga pasyente at tulungan silang mabawi ang kanilang kalusugan at lakas. Kailangang alagaan ninyo ang bawat isa sa kanila na parang siya ay inyong kapatid o tatay — dahil sa totoo, talagang ganito sila. Sila ay mas malapit pa nga sa inyo kaysa inyong mga kapatid o magulang – sila ay inyong mga kasama. Sa lahat ng usapin, dapat silang higit na ipauna." Ito ang kanyang sinabi at ginawa. Sa pagliligtas at panggagamot sa mga sugatan ng Hukbo ng Ikawalong Ruta, binalewala niya ang pagod at panganib; sa pag-aalaga sa kanila, ipinakita niya ang pinakamalaking pagmamalasakit at pang-uunawa. Minsan, sa isang kritikal na sandali nang naglunsad ang kaaway ng isang sorpresang pagsalakay, nagpaiwan siya para tapusin ang pag-oopera sa isang sugatang sundalo. Sinabi niya sa isang sugatang tao na nagpayo sa kanyang umalis na agad: "Kung tayo ay mamamatay, mamamatay tayo nang magkasama. Kung tayo ay mabubuhay, magkasama tayong mabubuhay. Hindi kita maiiwan nang walang nag-aasikaso."

Ang ganoong mga nakababagbag na pangyayari ay ganap na nagpapakita na kapag napatatag lamang ang ideolohiya ng proletaryong kolektibismo saka posibleng mapaunlad ang malalalim na makauring damdamin para sa lahat ng kasama at sa mamamayan at tunay na makikisalo sa kaligayahan at kalungkutan ng sambayanan; ang mag-alala sa pagkaatrasado ng isang kasama at magalak sa kanyang pag-unlad; ang maging handa na

ialay ang sarili para sa iba at makakita nang kasiyahan sa paglilingkod sa iba. Kung ipinauuna ng isang tao ang sariling interes nang higit sa lahat at itinuturing ang mga ito bilang pinakamahalaga sa lahat, at laging iniisip muna kung paano siya maaapektuhan ng mga bagay, kung gayon ay walang magiging tunay na pagmamalasakit at pagmamahal para sa mga kasama at sa mamamayan. Ang mga taong ito ay katulad ng mga taong pinuna ni Tagapangulong Mao: "Sila ay hindi nakadarama ng pagmamahal sa mga kasama at sa mamamayan kundi ay malamig, walang-interes at walang malasakit." Kahit sa ilang pagkakataon na ang mga ganoong tao ay nagpakita ng kaunting "pagmamahal" sa iba, ginagawa lamang nila ito para sa kanilang mga pansariling layunin at hindi para sa interes ng rebolusyon.

Ang ating walang hanggang pagmamahal sa lahat ng kasama at sa mamamayan ay nagmumula sa pangmasang pananaw. Sa matatag na paniniwala lamang na "ang masa ay may napakalaking mapanlikhang kapangyarihan" maaaring mahalin ang masa, sumalig sa kanila, mapangahas na mobilisahin sila at igalang ang kanilang inisyatiba at taus-pusong tanggapin ang rebolusyonaryong kilusang masa. Kapag itinuturing ng isang tao na ang masa ay ignorante at walang kakayahan at tinitingnan ang sarili bilang isang taong matalino at mapamaraan, kung gayon, hindi lamang siya nawawalan ng pagmamahal sa masa kundi inilalagay ang kanyang sarili nang mas mataas sa masa, kumikilos bilang isang panginoon at amo, minomonopolisa ang lahat; at kapag namobilisa ang masa, katatakutan niya ang mga ito, susupilin ang mga ito at ilalagay ang sarili sa isang pusisyon na sumasalungat sa masa.

Ang ating walang hanggang pagmamahal sa lahat ng

kasama at sa mamamayan ay tiyak na isang hindi walang prinsipyong "kapayapaan at pagmamahal" kundi nasa makaprinsipyong batayan. Kailangang ipakita natin ang pinakadakila at pinakatauspusong pagmamalasakit sa mga tunay na nagtataguyod ng kaisipang Mao Zedong; kailangang pakamahalin at tulungan natin sila. Kaugnay ng problema sa mga di-proletaryong kaisipan sa hanay nila, dapat nating gamitin ang pamamaraan ng "pagkakaisa-pamumuna-pagkakaisa" para makamit kapwa ang kalinawan ng ideolohiya at pagkakaisa sa hanay ng mga kasama. Para doon sa mga sumasalungat sa Partido, sumasalungat sa sosyalismo at sumasalungat sa kaisipang Mao Zedong, dapat isulong natin ang matatag na mga pakikibaka laban sa kanila at buong tatag na ibagsak sila. Sa ganito lamang natin makokonsolida ang pagkakaisa sa hanay ng mga rebolusyonaryong mamamayan, matatag na mapapalawak ang mga rebolusyonaryong pwersa, puspusang magagapi ang lahat ng ating kaaway sa uri at maisusulong ang rebolusyon sa sunud-sunod na tagumpay.

# ANG MATANDANG HANGAL NA NAGPATAG NG MGA BUNDOK

**Hunyo 11, 1945**

Tayo ay nakapagdaos ng isang napakamatagumpay na kongreso. Tatlong bagay ang ating nagawa.Una, pinagpasyahan natin ang linya ng ating Partido, na walang-takot na pakilusin ang masa at palawakin ang armadong lakas ng mamamayan upang sa pamumuno ng ating Partido ay kanilang magapi ang mga mananalakay na Hapones, mapalaya ang buong sambayanan at maitayo ang isang demokratikong Tsina. Pangalawa, pinagtibay natin ang bagong Saligang Batas ng Partido. Pangatlo, inihalal natin ang namumunong organo ng Partido – ang Komite Sentral. Simula ngayon, ang ating tungkulin ay pamunuan ang buong kasapian sa pagpapatupad ng linya ng Partido. Ang ating idinaos ay isang kongreso ng tagumpay, isang kongreso ng pagkakaisa. Nagbigay ng mahuhusay na komentaryo ang mga kinatawan tungkol sa tatlong ulat.[1] Maraming kasama ang nagsagawa ng pagpuna-sa-sarili; dahil ang layunin ay pagkakaisa, nakamit ang pagkakaisa sa pamamagitan ng pagpuna-sa-sarili. Ang kongresong ito ay huwaran ng pagkakaisa, ng pagpuna-sa-sarili at ng demokrasya sa loob ng Partido.

Pagkatapos ng kongreso, maraming kasama ang

---

1 Ang tatlong ulat sa Ikapitong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina ay ang ulat pampulitika ni Kasamang Mao Zedong, ang ulat militar ni Kasamang Zhu De at pagbabago ng Saligang Batas ng Partido ni Kasamang Liu Shaoqi.

tutungo sa kani-kanilang takdang tungkulin at sa iba't ibang larangan ng digma. Mga Kasama, saanman kayo magtungo, dapat ninyong ipalaganap ang linya ng kongreso, at sa pamamagitan ng mga kasapi ng Partido, ay ipaliwanag ito sa malawak na masa.

Ang ating layunin sa pagpapalaganap ng linya ng kongreso ay palakasin ang tiwala ng buong Partido at ng buong sambayanan sa tiyak na tagumpay ng rebolusyon. Dapat muna nating itaas ang kamulatang pampulitika ng taliba upang, matatag at walang takot sa pagpapakasakit, mapangingibabawan nila ang lahat ng kahirapan para makamit ang tagumpay. Pero hindi ito sapat; dapat din nating itaas ang kamulatang pampulitika ng buong sambayanan upang kusang-loob at buong lugod na sumama sila sa atin sa pakikipaglaban para sa tagumpay. Dapat nating pag-alabin ang buong sambayanan sa paninindigan na ang Tsina ay hindi sa mga reaksyunaryo, kundi sa sambayanang Tsino. Mayroong isang sinaunang pabulang Tsino na pinamagatang "Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok". Isinasalaysay nito ang tungkol sa isang matandang naninirahan sa hilagang Tsina noong unang panahon at nakilala sa taguring Matandang Hangal ng Hilagang Bundok. Ang kanyang bahay ay nakaharap sa timog at sa harap ng kanyang pintuan ay nakatayo ang dalawang malaking bundok, ang Taihang at ang Wangwu, na nakaharang sa daan. Puno ng determinasyon, hawak ang asarol, pinangunahan niya ang kanyang mga anak na lalaki sa paghuhukay sa mga bundok na ito. Isa pang matanda na kilala sa taguring Matandang Pantas ang nakakita sa kanila at pakutyang nagsabi, "Kahangalan ang ginagawa ninyong ito! Imposibleng iilan lamang kayo'y mahukay ninyo itong dalawang malalaking bundok." Sumagot ang Matandang Hangal, "Pagpanaw ko ay magpapatuloy

ang aking mga anak; kapag sila'y pumanaw, naririyan ang aking mga apo, at pagkatapos ay ang kanilang mga anak at mga apo, at ito'y magpapatuloy nang walang katapusan. Mataas man ang mga bundok na ito, ang mga ito ay hindi na tataas pa at sa bawat kaunting mahukay namin ay gayundin ang ibababa ng mga ito. Bakit hindi namin mapapatag ang mga ito?" Matapos pabulaanan ang maling pananaw ng Matandang Pantas, nagpatuloy siya sa araw-araw na paghukay at hindi natitinag sa kanyang paniniwala. Naantig dito ang Diyos, at isinugo niya sa lupa ang dalawang anghel na pumasan at nag-alis sa mga bundok. Sa kasalukuyan, dalawang malalaking bundok ang buong bigat na dumadagan sa sambayanang Tsino. Ang isa ay ang imperyalismo, at ang isa naman ay ang pyudalismo. Ang Partido Komunista ng Tsina ay matagal nang nagpasyang hukayin ang mga ito. Dapat tayong magpunyagi at walang humpay na kumilos, at maaantig din natin ang puso ng Diyos. Ang ating Diyos ay walang iba kundi ang masa ng sambayanang Tsino. Kapag sila'y tumindig at naghukay na kasama natin, bakit hindi mapapatag ang dalawang bundok na ito?

Kahapon, sa pakikipag-usap ko sa dalawang Amerikanong paalis patungong United States, sinabi ko na nagtatangka ang gubyerno ng U.S. na tayo ay papanghinain at hindi ito mapahihintulutan. Tumututol tayo sa patakaran ng gubyerno ng U.S. na magbigay ng tulong kay Chiang Kai-shek laban sa mga Komunista. Pero dapat tayong gumuhit ng pagkakaiba, una, sa pagitan ng mamamayan ng United States at ng kanilang gubyerno at, pangalawa, sa loob ng gubyerno ng U.S., sa pagitan ng mga tagabalangkas ng patakaran at ng kanilang mga tauhan. Sinabi ko sa dalawang Amerikanong ito, "Sabihin ninyo sa mga tagabalangkas ng patakaran sa

inyong gubyerno na pinagbabawalan namin kayong mga Amerikano na pumasok sa mga Pinalayang Purok dahil ang inyong layunin ay tulungan si Chiang Kai-shek laban sa mga Komunista, at dapat kaming maging mapagbantay. Maaari kayong pumunta sa mga Pinalayang Purok kung ang inyong layunin ay labanan ang Japan, pero dapat munang magkaroon ng kasunduan. Hindi namin kayo pahihintulutang manghimasok kahit saan. Dahil lantarang ipinahayag ni Patrick J. Hurley[1] ang pagtutol sa pakikipagtulungan sa Partido Komunista ng Tsina, bakit nais pa ninyong pumarito at magpagala-gala sa aming mga Pinalayang Purok?"

Ang patakaran ng gubyerno ng U.S. na tumulong kay Chiang Kai-sek laban sa mga Komunista ay nagpapakita ng kawalanghiyaan ng mga reaksyunaryo ng U.S. Pero ang lahat ng pakana ng mga reaksyunaryo, Tsino man o dayuhan, para pigilin ang mamamayang Tsino upang makamit ang tagumpay ay tiyak na mabibigo. Ang mga pwersang demokratiko ang pangunahing agos sa daigdig ngayon, samantalang ang reaksyon ay isa lamang pasalungat na agos. Tinatangkang daigin ng reaksyunaryong pasalungat na agos ang pangunahing agos ng pambansang kasarinlan at demokrasyang bayan, pero kailanma'y hindi ito magiging pangunahing agos.

1 Si Patrick J. Hurley, isang reaksyunaryong pulitiko ng Partido Republikano, ay nahirang na embahador ng U.S. sa Tsina sa mga huling araw ng 1944. Noong Nobyembre 1945, napilitan siyang magbitiw sa tungkulin dahil ang kanyang pagkatig sa anti-Komunistang patakaran ni Chiang Kai-shek ay pumukaw sa mahigpit na pagtutol ng sambayanang Tsino. Ang lantarang pahayag ni Hurley laban sa pakikipagtulungan sa Partido Komunista ng Tsina ay ginawa sa Washington noong Abril 2, 1945 sa isang panayam pampahayagan ng Kagawang Pang-estado ng U.S. Para sa mga detalye, tingnan ang "Ang Duwetong Hurley-Chiang ay isang Kabiguan", Mga Piling Akda ni Mao Zedong, edisyong Ingles, FLP, Peking, 1965, Tomo III, pp. 331-34.

Ngayon, may tatlo pang mayor na kontradiksyon sa daigdig, tulad ng matagal nang tinukoy ni Stalin: una, ang kontradiksyon sa pagitan ng proletaryado at ng burgesya sa mga imperyalistang bayan; pangalawa, ang kontradiksyon sa pagitan ng iba't ibang imperyalistang kapangyarihan; at pangatlo, ang kontradiksyon sa pagitan ng kolonyal at malakolonyal na mga bayan at ng mga imperyalistang bayang metropolitano.[1] Hindi lamang patuloy na umiiral ang tatlong kontradiksyong ito kundi lalo pang umiigting at lumalaganap. Dahil sa pag-iral at pag-unlad ng mga ito, darating ang panahon na mapapalis ang reaksyunaryong anti-Sobyet, anti-Komunista at anti-demokratikong pasalungat na agos na umiiral pa ngayon.

Sa mga sandaling ito, dalawang kongreso ang idinaraos sa Tsina, ang Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Guomindang at ang Ikapitong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista. Ganap na magkaiba ang layunin ng mga ito: ang layunin ng isa ay lipulin ang Partido Komunista at lahat ng iba pang demokratikong pwersa sa Tsina at isadlak ang Tsina sa karimlan; ang layunin naman ng isa ay ibagsak ang imperyalismong Hapones at ang mga alipuris nito, ang mga pwersang pyudal ng Tsina, at itayo ang isang bagong demokratikong Tsina at sa gayo'y ihatid ang Tsina sa liwanag. Nagtutunggalian ang dalawang linyang ito. Matatag tayong naniniwala na sa pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina at sa patnubay ng linya ng Ikapitong Kongreso nito, makakamit ng sambayanang Tsino ang ganap na tagumpay, samantalang ang kontra-rebolusyonaryong linya ng Guomindang ay tiyak na mabibigo.

---

1 Tingnan ang J. V. Stalin, "Ang mga Pundasyon ng Leninismo", (Abril-Mayo, 1927) Mga Akda, edisyong Ingles, FLPH, Moscow, 1953 Tomo VI, pp. 74-82.

# Komentaryo sa *Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok*

"Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok" ay ang teksto ng pangwakas na talumpating binigkas ni Tagapangulong Mao sa Ikapitong Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Tsina noong Hunyo 11, 1945.

Noong panahong iyon, ang internasyunal na antipasistang digma ay nagkamit na ng mapagpasyang tagumpay. Napipinto ang pagkatalo ng imperyalismong Hapones. Gayunman, kaharap pa rin ng Partido at ng mamamayan ang mga seryosong pakikibaka sa landas ng kanilang pagsulong. Katulad na katulad ito ng ipinakita ni Tagapangulong Mao: dalawang malaking bundok – imperyalismo at pyudalismo – ang buong bigat na nakadagan sa mamamayang Tsino. Hindi pa lubusang naibabagsak ang imperyalismong Hapones. Sa bigong pagtatangka ng imperyalismong U.S. na gawin nitong kolonya ang Tsina kasunod ng tagumpay ng mamamayang Tsino sa kanilang Digma ng Pagtatanggol Laban sa Japan, aktibo nitong ipinatutupad ang isang patakaran ng pagsuporta kay Chiang Kai-shek laban sa mga Komunista. Sa malakas na suporta ng imperyalismong U.S., pinag-ibayo ng mga reaksyunaryong Goumindang ang kanilang mga paghahanda para sa gera sibil sa pagtatangkang lipulin ang mga rebolusyonaryong pwersa ng mamamayan, agawin ang mga bunga ng tagumpay na nakamit ng mamamayan sa kanilang Digma ng

Pagtatanggol, at isadlak ang Tsina sa kadiliman.

Matapos magtagumpay sa Digma ng Pagtatanggol Laban sa Japan, hinaharap pa rin ng Tsina ang dalawang magkasalungat na landas, ang dalawang hinaharap: sa isang kaso, ang imperyalismo, partikular ang imperyalismong U.S., ay patuloy na mangingibabaw at maghahari sa Tsina at ibabalik ito sa kanyang dating malakolonyal at malapyudal na katayuan. Ang alternatibo ay, sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Tsina, magiting na pakilusin ang masa, palawakin ang mga pwersa ng mamamayan, lubusang pabagsakin ang paghahari ng imperyalismo at pyudalismo sa Tsina, at magtayo ng isang bagong demokrasyang bayan sa Tsina.

Sa mahalagang mapagpasyang panahong ito sa kasaysayan, idinaos ng ating Partido ang Ikapitong Pambansang Kongreso nito. Ang kongresong iyon na pinangasiwaan mismo ni Tagapangulong Mao ay nagpasya sa linya ng Partido, nagtibay ng bagong Saligang Batas ng Partido at naghalal ng Komite Sentral nito na pinamunuan ni Tagapangulong Mao. Pinagtibay ng kongreso ang Kaisipang Mao Zedong bilang patnubay na prinsipyo sa lahat ng gawain ng Partido – binigkas ni Tagapangulong Mao ang pangwakas na talumpati sa kongreso upang mobilisahin ang Partido at ang buong sambayanan para ipatupad ang linyang pampulitika na inilatag ng kongreso, lubusang gapiin ang mga reaksyunaryo sa bansa at sa ibayong dagat at magpunyagi para sa tagumpay sa pambansang demokratikong rebolusyon.

Tulad ng "Paglingkuran ang Sambayanan" at ng "Sa Alaala ni Norman Bethune", ang napakahusay na akdang ito, ang "Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok" ay isang dakilang klasikong dokumento ng

komunistang edukasyon at isa sa pinakapundamental na rekisitong babasahin para sa atin sa pagtatatag ng komunistang pananaw sa daigdig. Ang umaalingawngaw na panawagan ni Tagapangulong Mao sa akdang ito – "Maging matapang, huwag matakot sa pagpapakasakit at pangibabawan ang lahat ng kahirapan upang magtagumpay" ay batid sa lahat sambahayang Tsino. Ito ay naging isang pamantayang linya para patnubayan ang pag-iisip at mga pagkilos ng rebolusyonaryong mamamayang Tsino at ito ang estilo ng ating panahon.

Ang kasalukuyang linya ng dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura ay nagkamit ng malalaking tagumpay at nagagapi ang reaksyunaryong linyang burges. Gayunman, napakatalas at napakamasalimuot pa rin ang pakikibaka. Kung ano ang magiging paninindigan, kung ano ang aktitud na itataguyod at kung anong linya ang ipatutupad – ito ay isang mahirap na pagsubok para sa lahat ng rebolusyonaryo. Dapat nating seryosong pag-aralan ang napakahusay na akdang ito ni Tagapangulong Mao, armasan ang ating kaisipan ng maniningning na diwa ng artikulong ito, mahigpit na panghawakan ang wastong paninindigan at malinaw na tanawin ang ating direksyon, ipaibabaw sa lahat ang "kapangahasan", pangibabawan ang lahat ng kahirapan, durugin ang lahat ng paglaban, matatag na isulong at ipagtanggol ang proletaryong rebolusyonaryong linya at kamtin ang mga bagong tagumpay para sa dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura.

Sa pag-aaral ng dakilang artikulong ito, dapat bigyan ng natatanging pansin ang sumusunod na punto:

**1. Ang proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao ay ang programa ng nagkakaisang pagkilos para sa buong partido, sa buong hukbo at sa**

**buong sambayanan, at siyang saligang katiyakan para sa tagumpay ng rebolusyon.**

Sa artikulong ito, ipinakita ni Tagapangulong Mao na ang unang bagay na ginawa ng Ikapitong Pambansang Kongreso ng Partido ay ang pagpasyahan ang linya ng ating Partido. Magmula noon, sabi niya, ang ating tungkulin ay pamunuan ang buong kasapian ng Partido sa pagpapatupad ng linya ng partido, ipalaganap ang linya ng kongreso at sa pamamagitan ng mga kasapi ng Partido, ipaliwanag ito sa malawak na masa upang mabuo ang kumpyansa ng Partido at ng buong sambayanan sa tiyak na tagumpay ng rebolusyon at kayanin nilang makibaka para sa katuparan ng linya ng partido. Sa pag-aaral ng artikulong ito, dapat muna tayong magkaroon ng malalim na pag-unawa sa malaking kabuluhan ng linya ng partido sa rebolusyonaryong adhikain at ng isang malalim na pag-unawa sa sukdulang kahalagahan ng pagpapalaganap, pagtatanggol at matatag na pagpapatupad ng proletaryong rebolusyonaryong linya.

Ang usapin ng linya ay usaping may pangunahing kahalagahan sa pamumuno ng partido. Ang linya ng Partido ay ang programa ng pagkilos para pagkaisahin ang buong Partido, ang buong hukbo at ang buong sambayanan; ito ang batayan ng lahat ng patakaran at taktika ng Partido. Ito ang nagpapasya sa tadhana ng Partido at sa tagumpay o kabiguan ng rebolusyon. Sa huling pagsusuri, ang pamumuno ng Partido ay nangangahulugan ng pagbalangkas ng isang wastong linya alinsunod sa aktwal na kalagayan, at ng paggamit ng linya ng Partido para pakilusin at armasan ang buong Partido at ang malawak na masa ng buong bayan. Sabi ni Tagapangulong Mao: "para mapamunuan ang rebolusyon sa tagumpay, dapat sumalig ang isang

Partidong pampulitika sa kawastuan ng kanyang linyang pampulitika at sa katatagan ng kanyang organisasyon". Sa paglihis sa linya ng Partido, magiging imposibleng matupad ang pamumuno ng Partido at makonsolida ang pagkakaisa ng Partido. Sentrong usapin din sa panloob na tunggalian ng Partido ang usapin ng linya. Ang panloob na tunggalian ng Partido, sa huling pagsusuri, ay isang tunggalian tungkol sa kung anong linya ang susundin. Kapag hindi ipinatutupad ang wastong linya, ipinatutupad ang maling linya. Sa anumang rebolusyon, kapag namumuno ang rebolusyonaryo sa maling paraan, hahantong ang rebolusyong iyon sa kabiguan. Kung ayaw nating maligaw ang ating rebolusyon, kung gusto nating matiyak na magtatagumpay ang rebolusyon, dapat nating bakahin ang maling linya at ipatupad ang wastong linya.

Itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao: "Inilatag ng ating Partido ang pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran ng Rebolusyong Tsino pati na ang iba't ibang partikular na mga linya para sa gawain at partikular na mga patakaran. Gayunman, habang natatandaan ng maraming kasama ang partikular na mga linya para sa gawain at partikular na mga patakaran, madalas nilang kaligtaan ang pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran nito. Kung kakaligtaan natin ang pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran ng Partido, tayo ay magiging bulag, hilaw, at magugulo-ang-isip na mga rebolusyonaryo, at sa pagpapatupad natin ng isang partikular na linya ng gawain at isang partikular na patakaran, matataranta tayo at mag-uurong-sulong, ngayon sa kaliwa, at ngayon naman sa kanan, at mapapasama ang gawain". Lahat ng partikular na linya ng gawain at partikular na mga patakaran ng Partido ay nakapailalim at nakaugnay sa pangkalahatang linya at

pangkalahatang patakaran ng Partido. Ang pagkaligta sa pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran ng Partido ay ang pagkaligta sa buo, sa kabuuang kalagayan, sa oryentasyon at sa kung ano ang nangunguna. Tanging sa paggagap ng mga ito at pagpapatupad sa pangkalahatang linya at pangkalahatang patakaran ng Partido maaaring wastong maipatupad ng sinuman ang partikular na mga linya ng Partido para sa gawain at partikular na patakaran at maaaring maging mulat, lubos at nakakaunawang mga rebolusyonaryo.

Mula nang maitatag ang ating Partido, nagkaroon na ito ng wastong linyang pampulitika – ang Marxista-Leninistang linya na kinatawan ni Tagapangulong Mao. Ang pulang hiblang ito ay tumatagos sa buong kasaysayan ng ating Partido at hukbo. Minana, ipinagtanggol at pinaunlad ni Tagapangulong Mao ang Marxismo-Leninismo sa isang tunay, mapanlikha at komprehensibong paraan at itinaas ang Marxismo-Leninismo sa isang ganap na bagong yugto. Ang Kaisipang Mao Zedong ay ang Marxismo-Leninismo sa panahong ang imperyalismo ay patungo sa ganap na pagbagsak at ang sosyalismo ay sumusulong sa pandaigdigang tagumpay. Ito ang prinsipyong gumagabay sa lahat ng gawain ng ating Partido, hukbo at bayan. Lahat ng maningning na tagumpay ng Rebolusyong Tsino na pinamunuan ng ating Partido ay resulta ng pagpapatupad ng proletaryong linya ni Tagapangulong Mao. Noong panahon ng demokratikong rebolusyon, binalangkas ni Tagapangulong Mao para sa ating Partido ang isang wastong pangkalahatang linya para sa demokratikong rebolusyon at inilatag ang partikular na mga linya para sa gawain at partikular na mga patakaran para sa pagpapatupad ng pangkalahatang linyang iyon. Sa

ganitong paraan niya tinimunan ang rebolusyon ng Tsina lampas sa maraming mapanganib na buhanginan at mga nakatagong bato para napakamatagumpay na makalusot sa mga along dulot ng sigwa alinsunod sa rebolusyonaryong adhikain ng Marxismo-Leninismo.

Kasunod ng matagumpay na demokratikong rebolusyon, minsan pang nagbalangkas ng wastong pangkalahatang linya si Tagapangulong Mao para sa sosyalistang rebolusyon at sosyalistang konstruksyon at sa iba't ibang partikular na mga linya para sa gawain at partikular na mga patakarang nagtuturo ng landas tungo sa pagsulong ng Partido at ng buong sambayanan, at nagdadala sa atin para makamit ang sunud-sunod na maniningning na tagumpay sa lahat ng larangan. Isinusulong natin ngayon ang isang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura na umaantig sa pinakakaluluwa ng sambayanan. Sa dakilang rebolusyonaryong kilusang ito, gumawa si Tagapangulong Mao ng isang napapanahong pagtatasa sa bagong karanasan ng kilusang masa, personal na namahala sa gawain ng pagbabalangkas ng 16 na puntong desisyon (Ang Desisyon ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina Kaugnay ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura). Sa proletaryong rebolusyonaryong kilusan, pinuna nang husto at itinakwil ni Tagapangulong Mao ang taksil na linya at linyang eskirol ng modernong rebisyunismo, isinulong ang pinakawasto at pinakakumpletong pangkalahatang linya para sa internasyunal na kilusang komunista at isang buong serye ng mga estratehiya at taktika. Sa patnubay ng rebolusyonaryong linyang ito, ang internasyunal na proletaryong rebolusyonaryong kilusan ng mga inaaping bansa laban sa kolonyalismo at para

sa pambansang pagpapalaya ay malakas na sumulong at nagkamit ng sunud-sunod na malalaking tagumpay. Ang rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao ang tiyak na mamumuno sa rebolusyonaryong mamamayan ng daigdig para gapiin ang imperyalismo, modernong rebisyunismo at lahat ng reaksyunaryo at magsusulong sa pandaigdigang rebolusyon tungo sa ganap na tagumpay.

Ipinapakita sa atin ng kasaysayan na ang wastong linya ay iniluluwal at pinauunlad hindi sa isang ispontanyo at mapayapang paraan, kundi sa gitna ng pakikibaka. Ang rebolusyonaryong linya ay palaging pinayayaman at pinauunlad, at nagkakamit ng tuluy-tuloy na mga tagumpay sa landas ng pakikibaka laban kapwa sa Kanan at "kaliwang" oportunistang linya. Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Ang banggaan at tunggalian sa pagitan ng iba't ibang klase ng ideya ay patuloy na lumilitaw sa loob ng Partido; ito ay isang salamin sa loob ng Partido ng mga kontradiksyon sa pagitan ng mga uri at sa pagitan ng luma at bago sa lipunan. Kung walang mga kontradiksyon sa loob ng Partido at walang pakikibakang pang-ideolohiya para malutas ang mga ito, magwawakas ang buhay ng Partido". Hanggat umiiral sa isang lipunan ang mga kontradiksyon ng mga uri at tunggalian ng mga uri, di maiiwasang masalamin ang mga ito sa ating Partido. Ang tunggalian sa pagitan ng dalawang linya sa loob ng Partido ay salamin ng tunggalian ng mga uri sa lipunan at independyente ito sa kagustuhan ng tao. Ang ganoong tunggalian ay umiral noon, umiiral ngayon at patuloy na iiral hanggang sa mapawi ang mga uri. Matigas na nilalabanan at pinakikialaman ng iba't ibang klase ng mga oportunista at mga kinatawan ng reaksyunaryong burges ang pagpapatupad ng wastong linya. Para maipatupad ang wastong linya, dapat nating

lubusang itakwil, punahin at durugin ang lahat ng reaksyunaryong linyang burges.

Sa dakilang proletaryong rebolusyong pangkulturang nagaganap ngayon sa ating bayan, ang tunggalian sa pagitan ng proletaryong rebolusyonaryong linya at ng reaksyunaryong linyang burges ay bago, labis na matalas at masalimuot pa. Hindi tinatanggap ng sandakot na tao sa loob ng Partido na nasa awtoridad at tumatahak sa kapitalistang landas ang kanilang pagkatalo. Nagpapatupad sila ng bagong mga salamangka at gumagamit ng bagong mga paraan ng panlilinlang sa masa; patuloy nilang nilalabanan ang proletaryong rebolusyonaryong linya. Hanggat hindi ganap na pinatatalsik at dinudurog ang reaksyunaryong linyang burges ng mga taong nasa awtoridad at tumatahak sa kapitalistang landas, hindi maipatutupad ang wastong linya at hindi maisusulong sa tagumpay ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura.

**2. Maging matatag, huwag matakot sa pagpapakasakit at pangibabawan ang lahat ng kahirapan upang magtagumpay.** Itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao: "Maging matatag, huwag matakot sa pagpapakasakit at pangibabawan ang lahat ng kahirapan upang magtagumpay." Ang mga salitang iyon ang pinakamalakas at pangkalahatang paglalahad ng maigting na proletaryong rebolusyonaryong diwa ng kapangahasang makibaka at kapangasahang magtagumpay. Inilalahad ng mga ito ang pundamental na paninindigan at aktitud ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa adhikain ng Partido at ng sambayanan, at sa mga kahirapan at paghamon sa landas ng rebolusyon. Ang mga ito ay gabay sa pagkilos ng bawat rebolusyonaryong mandirigma sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao.

Hindi maiiwasan ang mga kahirapan sa isang rebolusyon. Ano ang mga kahirapan? Ang mga ito ay ang mga di nalulutas na kontradiksyon at mga di nalulutas na mga usapin. Unibersal ang ganoong mga kontradiksyon at problema. Umiiral ang mga ito sa lahat ng oras at dako, at lahat ng tao ay nagtataglay ng mga ito. Ang kasaysayan ng rebolusyong Tsino ay isang pangingibabaw sa sunud-sunod na kahirapan. Ang proseso ng rebolusyon ay isang tuluy-tuloy na pakikibaka laban sa mga kahirapan. Sabi ni Tagapangulong Mao: "Ano ang gawain? Ang gawain ay pakikibaka. May mga kahirapan at problema sa mga lugar na iyon para pangibabawan at lutasin natin. Pumupunta tayo doon para kumilos at makibaka upang mapangibabawan ang mga kahirapang iyon".

Lahat ng gawain ay kinapapalooban ng mga kahirapan. Kung walang mga kahirapan, hindi natin kailangang magrebolusyon, kumilos o makibaka. Kung walang mga kahirapan at pakikibaka, hindi susulong ang mga bagay-bagay. Ano ang dapat nating aktitud sa harap ng mga walang-katapusang kahirapan at kagipitan? Dapat ba tayong maging walang-takot, nangangahas na makibaka at sumulong sa kabila ng mga ito, o dapat ba tayong maging atubili at takot at takbuhan ang mga ito? Dito nakasalalay ang linyang naghahati sa tunay at huwad na mga rebolusyonaryo. Ang aktitud na itinaguyod ay isang susing salik na nagtatakda kung maaaring ipatupad nang matagumpay o hindi ang mga linya ng Partido.

Sabi ni Tagapangulong Mao: "Tayo at ang mga reaksyunaryong pwersa ay kapwa humaharap sa mga kahirapan. Pero ang mga kahirapan ng mga reaksyunaryong pwersa ay hindi mapangingibabawan dahil sila ay mga pwersang nasa bingit ng kamatayan at wala nang kinabukasan. Maaaring maigpawan ang

ating mga kahirapan dahil tayo ay bago at sumusulong na mga pwersa at may maliwanag na kinabukasan." Ang proletaryado ang pinakarebolusyonaryo at pinakaabanteng uri sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ang rebolusyonaryong layunin ng proletaryado ay isang dakilang adhikain na umaalinsunod sa mga batas ng pag-unlad ng lipunan, naglilingkod sa mahahalagang interes ng sambayanan, at nagkakamit ng tauspusong pagtataguyod ng mamamayan. Lumilitaw ang ating mga kahirapan habang tayo ay sumusulong. Ang mga ito ay pansamantala at maaaring lubos na mapangibabawan. Sa ilalim ng wastong pamumuno ni Tagapangulong Mao, nakayanang gapiin ng ating hukbong may mahinang kagamitan ang isang kaaway na todo-todong naaarmasan. Nagtagumpay ang mga kalalakihan at kababaihan ng Taching sa pagpapaunlad ng isang malaking minahan ng langis sa ilalim ng labis na mahirap na kalagayan, at nakaya ng mga nasa Tachai na itransporma ang mga walang-kwentang dalisdis tungo sa mga lupang sakahan na mataas ang ani. Ang lahat ng ito ay kapani-paniwalang nagpapatunay na para sa mga rebolusyonaryong mandirigmang naaarmasan ng kaisipang Mao Zedong, walang kaaway na hindi magagapi, walang kahirapan na hindi mapangingibabawan at walang taluktok na hindi maaabot. Kaya sinabi ni Tagapangulong Mao: "Sa mga panahon ng kahirapan, huwag kaligtaan ang ating mga tagumpay, tanawin ang maaliwalas na kinabukasan at pag-ibayuhin ang ating katapangan."

Ang itinuturo ni Tagapangulong Mao na "maging matatag, huwag matakot sa pagpapakasakit at pangibabawan ang lahat ng kahirapan upang magtagumpay" ay nangangahulugan, sa huling pagsusuri, ng pagbibigay-diin sa salik ng tao, ng panghihikayat sa atin para

palargahin nang husto ang ating suhetibong inisyatiba, ng pagiging walang-takot sa mga kagipitan at kahirapan, at ng lakas ng loob para makibaka at magtagumpay. Tanging sa pagiging matatag at pagiging walang-takot sa pagpapakasakit maaari nating mapangibabawan ang lahat ng kahirapan upang magtagumpay, maaari nating magapi ang lahat ng kaaway at mapangibabawan ang lahat ng kahirapan. Taliwas dito, kung natatakot tayo sa mga kahirapan, kung gayon, wala tayong anumang makakamit at di makakayanang pangibabawan ang anumang kahirapan.

"Mga bayani lamang ang makasusugpo sa mga tigre at leopardo, at hindi kailanman makakasira ng loob ng magigiting ang mababangis na oso." (Mula sa tula ni Tagapangulong Mao na *Mga Ulap ng Taglamig*)

Nakatatakot lamang ang mga kahirapan sa mga lampang walang-buto. Ang lahat ng kahirapan ay tatapak-tapakan ng mga rebolusyonaryong mandirigma, na walang kinatatakutan langit man o lupa, kayang payukuin ang taluktok ng bundok at baguhin ang agos ng isang ilog.

Ang sipi na "Maging matatag, huwag matakot sa pagpapakasakit at pangibabawan ang lahat ng kahirapan upang magtagumpay" ay nagsasabi rin sa atin na dapat nating tanggapin, suriin at bakahin ang mga kahirapan. Sa estratehiya, dapat nating kasuklaman ang mga kahirapan, habang sa taktika, dapat nating seryosohin ang mga ito.

Sa taktika, ang pagseseryoso sa mga kahirapan ay nangangahulugan na dapat tayong maging maingat sa paghawak sa bawat pakikibaka, bigyang-pansin ang sining ng pakikibaka, sinupin ang pag-aaral at pagsusuri sa bawat kahirapan – ang kalikasan nito, mga katangian at mga batas – at gumamit ng iba't ibang paraan para lutasin ang iba't ibang kahirapan. Ganap na hindi makakabuti

ang maging hiwalay sa katotohanan, hindi mag-isip at magpadalus-dalos sa pagkilos; kinakailangang magkaroon ng diwa ng tahimik na puspusang paggawa, at laging lagumin ang mga karanasan at paunlarin ang pamamaraan ng pagkilos sa daloy ng pakikibaka. Laging tandaan: Huwag matakot na wala kang makakamit, kundi matakot ka na hindi mo sinubukan ito; huwag matakot na hindi mo mahusay na magagawa ang isang bagay kundi matakot ka na hindi mo ginamit ang iyong utak. Dapat maalis sa isip ang kaisipan na maaaring makamit ang tagumpay sa pamamagitan ng magandang swerte, na maaaring maluwag na sumalig sa pagkakataon nang hindi kinakailangan ang puspusang pagsisikap, ang pawis sa noo at kahit ang pagbubuhos ng kanyang dugo.

Sinabi ni Kasamang Lin Piao: "Para sa ating armadong hukbo, ang pinakamahusay na sandata ay hindi eroplano, mabigat na artilerya, mga tangke o mga bomba atomika. Ito ay ang Kaisipang Mao Zedong. Ang pinakamalakas na kapangyarihan sa paglaban ay ang mamamayan na armado ng Kaisipang Mao Zedong. Ito ay kagitingan, hindi ang takot na mamatay." Ang Kaisipang Mao Zedong ang pinakamakapangyarihan at pinakamatalas na sandatang pang-ideolohiya para mapangibabawan ang lahat ng kahirapan. Sinumang nagtataglay ng Kaisipang Mao Zedong ay nagtataglay ng walang-takot na rebolusyonaryong diwa, nagiging pinakarebolusyonaryo, pinakamagiting at pinakamatalino, walang-takot sa kahirapan, kamatayan, mga multo at halimaw, at matapat at matiyaga. Ang dakila at di magagaping kaisipang Mao Zedong ang pinagmumulan ng lakas kung saan ang buong Partido, hukbo at mamamayan sa buong bayan ay sumusulong nang buong tapang, at pinangingibabawan ang bawat kahirapan para gapiin ang kaaway at

magtagumpay." Dapat matatag nating tugunan ang panawagan ni Kasamang Lin Piao, mapanlikhang pag-aralan at isapraktika ang mga akda ni Tagapangulong Mao, armasan ang ating sarili ng kaisipang Mao Zedong, muling hubugin ang ating mga kaluluwa at maging tunay na di makasarili at walang-takot na mga komunistang mandirigma.

**3. Magtiwala sa masa, sumalig sa masa, at makibaka para sa pagpapatupad ng wastong linya ni Tagapangulong Mao.**

Itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao na ang ating layunin sa pagpapalaganap ng linya ng Partido ay upang mapalakas ang tiwala ng buong Partido at ng buong sambayanan sa tiyak na tagumpay ng rebolusyon, na dapat muna nating itaas ang kamulatang pampulitika ng taliba. Pero hindi ito sapat; dapat din nating iangat ang kamulatang pampulitika ng buong sambayanan upang magkusa at maluwag-sa-loob silang makipaglaban na kasama natin para sa tagumpay. Mismong sa pagsunod sa mga itinuturo ni Tagapangulong Mao kaya tayo nagtagumpay na gapiin ang mga mananakop na Hapones, ibagsak ang imperyalismo at pyudalismo, ang dalawang malaking bundok na pinapasan ng mamamayang Tsino, at nakamit ang malalaking tagumpay sa demokratiko at sosyalistang rebolusyon at sa sosyalistang konstruksyon.

Magtiwala sa masa. Ang pagsalig sa masa at mahigpit na integrasyon sa masa ay isang namumukod na palatandaang pagkikilanlan ng ating Partido sa lahat ng iba pang partidong pampulitika; noon pa man, ito ang dakilang kaisipan ni Tagapangulong Mao. Sinabi ni Tagapangulong Mao: "Ang masa, ang masa lamang ang motibong pwersa sa paglikha ng kasaysayan ng daigdig." Ang mga salitang ito ang nasa kaibuturan

ng Marxistang istorikong materyalismo. Sinabi rin ni Tagapangulong Mao: “Hanggat sumasalig tayo sa masa, mahigpit na nananalig sa walang-pagkasaid na mapanglikhang kapangyarihan ng masa at dahil dito ay nagtitiwala at nakikiisa tayo sa kanila, walang kaaway ang makadudurog sa atin habang kaya nating durugin ang lahat ng kaaway at pangibabawan ang lahat ng kahirapan.” Ang dakilang aral na ito ni Tagapangulong Mao ang patnubay para sa lahat ng gawain at pakikibaka ng ating Partido. Ang kasaysayan ng ating Partido ay kasaysayan ng pagsalig sa masa at pagpapakilos sa kanila para isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka, kasaysayan ng pagtitiwala sa masa at pamumuno sa kanila para palayain ang kanilang sarili. Oras na mahiwalay sa masa, tayo’y magiging parang tubig na walang bukal o isang punong walang mga ugat; hindi maipatutupad ang linya ng Partido, hindi mapapangibabawan ang mga kahirapan sa gawain, hindi magtatagumpay ang rebolusyon at wala tayong anumang magagawa.

Sa kasaysayan ng ating Partido, ang mga tunggalian sa pagitan ng proletaryong rebolusyonaryong linya at ng “Kaliwa” at Kanang oportunistang linya ay laging umiikot sa usapin ng masa at ng rebolusyonaryong kilusang masa – kung ipauuna ang “pangangahas” o “takot” ng higit sa lahat, kung magtitiwala, sasalig at walang-takot na pakikilusin ang masa at igagalang ang kanilang inisyatiba, o katatakutan at lalabanan ang masa at tututulan at susupilin ang rebolusyonaryong kilusang masa. Noon pa man, ito ang pamantayan na nagbubukod sa isang tunay na rebolusyonaryo mula sa huwad na rebolusyonaryo at sa Marxismo mula sa rebisyunismo; ito ang mapagpasyang salik na naghahati sa proletaryong rebolusyonaryong linya mula sa reaksyunaryong linyang burges.

Ang ating pinunong si Tagapangulong Mao ay may pinakamalaking tiwala at malasakit sa masa. Lagi siyang nagbibigay ng pinakamalaking suporta sa rebolusyonaryong kilusang masa at kaisang-puso nila. Ang rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao ay magtiwala sa masa, sumalig sa kanila at mapangahas na pakilusin sila – ang linya ng hayaang matuto ang masa at palayain ang kanilang sarili. Sa mga salita ni Tagapangulong Mao, "nangangailangan (ito) ng pagrerekluta ng malalaking pwersa para sa layunin ng pagkubkob at paglipol sa kaaway."

Lahat ng kinatawan ng reaksyunaryong linyang burges ay hiwalay sa masa at takot sa kanila. Ang kanilang linya ay ang pagsasara-ng-pinto, ang linya ng makaharing pagbubukod ng sarili, ang linya ng pagpapangibabaw ng "takot" nang higit sa lahat. Marami silang matitinding takot na sa esensya'y takot sa masa at sa rebolusyon. Sila ay ganap na bulag sa lakas ng masa at hindi naniniwala sa dakilang pagiging mapanlikha ng masa. Itinuturing nila ang masa na parang mga ignorante at walang-kakayahan at itinuturing ang sarili bilang mga taong nagtataglay ng karunungan at ng pagkamaparaan. Sa kasalukuyang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura, ang mga kinatawan ng reaksyunaryong linyang burges ay nagtangkang pamunuan ang rebolusyon sa kasalungat na direksyon, at ginawa itong isang pakikibaka ng burgesya laban sa proletaryado sa halip na isang pakikibaka ng proletaryado laban sa burgesya. Pumanig sa reaksyunaryong burgesya, nagsasapraktika sila ng diktadurang burges sa bigong tangka na maapula ang rebolusyonaryong alab ng masa at wasakin ang malakas at dakilang proletaryong rebolusyonaryong kilusang pangkultura. Kung nagtagumpay sila sa kanilang mga pakana, ang dakilang rebolusyong pangkultura

sana ay nasugpo na mula umpisa at ang mga bunga ng sosyalistang rebolusyon ay nanganib na sana sa pagkawasak. Pero tiyak na mabibigo sila sa kanilang mga pakana at tiyak na itatakwil sila ng masa kapag ang rebolusyonaryong masa ay kumilos at nagsama-sama sa pinakamalawak na saklaw.

Ang usapin kung paano ituturing ang masa at kung anong linya ang itataguyod ay kinakaharap ng bawat rebolusyonaryong kasama. Ituturing ba niya ang sarili bilang mas superyor sa iba o papayag ba siyang maging mag-aaral ng masa? Tumatayo ba siyang mas mataas sa masa o kahanay nila? Sinusuportahan ba niya o nilalabanan ang rebolusyonaryong kilusang masa? Ito ay mga katanungan na patuloy na lumilitaw para sa lahat, mga katanungan na dapat sagutin nang malinaw. Ang mga ito ay hindi karaniwang mga katanungan hinggil sa pamamaraan ng paggawa. Ang mga ito ay mga katanungan tungkol sa pundamental na aktitud at sa pananaw sa daigdig at pamamaraan: ang proletaryo at burges. Tiyak na matatakot ka at magiging kalaban ng masa kung ang pananaw mo sa daigdig ay iyong sa burgesya; tiyak na magtitiwala ka at sasalig sa masa kung ang pananaw mo sa daigdig ay iyong sa proletaryado. Sa dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura, ilang tao ang bigong makita nang malinaw ang pangunahing agos ng kilusang masa at sa halip ay may tendensyang makita ang maliliit na agos nito. Nagbibigay-diin lamang sila sa indibidwal at dumaraang mga pagkukulang sa kilusang masa pero hindi nila nakikita na ang masa ay maaaring matutong lumangoy sa pamamagitan ng paglangoy at matututong magrebolusyon sa pagtahak sa rebolusyon. Ito ay dahil nakaligtaan nila ang itinuro ni Tagapangulong Mao na "ang masa ang tunay na mga bayani samantalang tayo mismo ay madalas na isip-bata at ignorante. Hindi

wasto ang kanilang aktitud sa rebolusyonaryong kilusang masa. Isa pang pagpapakita ng ganitong klase ng burges na pananaw sa daigdig ay ang pakiramdam na walang magagawa, pag-atras, at kawalan ng tiwala sa harap ng mga kahirapan. Ito ay dahil wala ang masa sa kanilang mga isipan, at bigong makita ang mga solusyon mula sa masa. Dahil dito, dapat mapanlikha nating pag-aralan at isapraktika ang kaisipan ni Tagapangulong Mao Zedong at ang rebolusyonaryong linya, magpunyagi sa pagtitiwala, pagsalig at pakikipagkaisa sa masa sa lahat ng ating gawain upang lubusang madurog ang reaksyunaryong linyang burges at maisulong ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura hanggang sa wakas.

# BAKAHIN ANG LIBERALISMO

**Setyembre 7, 1937**

Naninindigan tayo para sa masiglang tunggaliang pang-ideolohiya dahil ito ang sandatang magtitiyak ng pagkakaisa sa loob ng Partido at sa mga rebolusyonaryong organisasyon. Dapat gamitin ng bawat Komunista at rebolusyonaryo ang sandatang ito.

Ngunit itinatanggi ng liberalismo ang tunggaliang pang-ideolohiya at naninindigan para sa walang prinsipyong kapayapaan, kung kayat nagluluwal ng isang aktitud na dekadente at pilistino at nagdudulot ng pampulitikang pagkabulok ng ilang yunit at indibidwal sa loob ng Partido at sa mga rebolusyonaryong organisasyon.

Ang liberalismo ay nalalahad sa iba't ibang paraan.

Ang palampasin ang mga bagay-bagay alang-alang sa kapayapaan at pagkakaibigan kapag ang isang tao ay malinaw na nagkamali at umiiwas sa prinsipyadong pangangatwiran dahil siya ay matagal nang kakilala, kababayan, kamag-aral, matalik na kaibigan, minamahal, malaon nang kasamahan o tauhan. O kaya'y banggitin nang pahapyaw ang usapin sa halip na talakayin ito nang puspusan upang mapanatili ang mabuting pagsasamahan. Ang resulta ay napipinsala kapwa ang organisasyon at ang indibidwal. Ito ay isang tipo ng liberalismo.

Ang magpakalulong sa iresponsableng pamumuna nang sarilinan sa halip na masiglang ihapag ang mga mungkahi sa organisasyon. Ang tumahimik sa harap ng mga tao ngunit dumaldal kapag nakatalikod, o tumahimik

sa isang pulong ngunit nagtsitsismis pagkatapos. Ang hindi magpakita ng anumang paggalang sa mga prinsipyo ng kolektibong pamumuhay at sa halip ay sumunod sa sariling hilig. Ito ang ikalawang tipo.

Ang palampasin ang mga bagay-bagay kung hindi ito nakaaapekto nang personal sa sarili; ang magsalita nang pahapyaw samantalang alam na alam kung ano ang mali, ang magpakatuso at maniguro at umiwas lamang na masisi, ito ang ikatlong tipo.

Ang sumuway sa mga atas at sa halip ay ipagmalaki lamang ang sariling mga opinyon. Ang humingi ng espesyal na konsiderasyon mula sa organisasyon ngunit tumutol sa disiplina nito. Ito ang ikaapat na tipo.

Ang magpakalulong sa mga atakeng personal, maghanap ng mga away, magbulalas ng personal na galit o maghiganti sa halip na makipagtalakayan at makipagtunggali laban sa maling mga pananaw alang-alang sa pagkakaisa o sa kaunlaran o sa maayos na pagsasagawa ng gawain. Ito ang ikalimang tipo.

Ang makarinig ng maling mga pananaw nang hindi itinutuwid ang mga ito at makarinig pa nga ng mga kontra-rebolusyonaryong pahayag nang hindi iniuulat ang mga ito, kundi sa halip ay mapanatag na tanggapin ang mga ito na parang walang anumang nangyari. Ito ang ikaanim na tipo.

Ang lumubog sa masa at kaligtaang magpropaganda at mag-ahitasyon o magsagawa ng mga pagsusuri at pagsisiyasat sa kanilang hanay, at sa halip ay magpakita ng kawalang-interes at ng kawalang-malasakit sa kanilang kapakanan, kalimutan na siya ay isang Komunista at umaasta na para bang isang ordinaryong di-komunista. Ito ang ikapitong tipo.

Ang makitang pinipinsala ng isang tao ang interes ng masa pero hindi makaramdam ng galit o hikayatin

siyang tigilan ito o makipagpaliwanagan sa kanya. Ito ang ikawalong tipo.

Ang kumilos nang walang sigla, nang walang tiyak na plano o direksyon; ang kumilos nang pawalambahala at makagampan lamang – "Hanggat siya'y nananatiling monghe, patuloy lamang siyang nangangalembang ng kampana." Ito ang ikasiyam na tipo.

Ang ipalagay ang sarili na nakapaglingkod na nang malaki sa rebolusyon, ang magmalaki sa pagiging beterano, at hamakin ang maliliit na gawain samantalang hindi naman kaya ang malalaking tungkulin, ang magpadaskul-daskol sa gawain at magpabaya sa pag-aaral. Ito ang ikasampung tipo.

Ang mabatid ang sariling mga pagkakamali ngunit hindi magpunyaging iwasto ang mga ito, ang magtaglay ng liberal na aktitud sa sarili. Ito ang ikalabing-isang tipo.

Marami pa tayong mababanggit na tipo. Ngunit ang mga ito ang labing-isang pangunahing tipo.

Ang lahat ng ito ay mga manipestasyon ng liberalismo.

Ang liberalismo ay lubhang nakapipinsala sa isang rebolusyonaryong kolektiba. Isa itong kalawang na sumisira ng pagkakaisa, nagpapanghina ng pagsasama, nagiging sanhi ng kawalang-sigla at lumilikha ng hidwaan. Ito ang nag-aalis ng masinsing organisasyon at mahigpit na disiplina sa rebolusyonaryong hanay, humahadlang sa pagpapatupad ng mga patakaran at naghihiwalay sa mga organisasyon ng Partido mula sa masa. Isa itong lubhang napakasamang tendensya.

Ang liberalismo ay nagmumula sa petiburges na pagkamakasarili. Inuuna nito ang personal na interes at isinusunod ang interes ng rebolusyon. Humahantong ito sa liberalismo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Itinuturing ng mga taong liberal na abstraktong dogma ang mga prinsipyo ng Marxismo. Sinasang-ayunan nila

ang Marxismo pero hindi handang isapraktika ito o isapraktika ito nang lubusan; hindi sila handang palitan ng Marxismo ang kanilang liberalismo. Taglay ng mga taong ito ang kanilang "Marxismo" ngunit taglay din nila ang kanilang "liberalismo"; sumasambit sila ng "Marxismo" pero isinasapraktika ang "liberalismo"; inilalapat nila ang Marxismo sa iba ngunit liberalismo sa kanilang sarili. Taglay nila ang dalawa at may gamit para sa bawat isa. Ganito tumatakbo ang mga isipan ng ilang tao.

Ang liberalismo ay isang manipestasyon ng oportunismo at pundamental na sumasalungat sa Marxismo. Ito ay negatibo at obhetibong nakatutulong sa kaaway; kung kaya ikinalulugod ng kaaway na manatili ito sa ating hanay. Dahil ganyan ang kalikasan nito, dapat wala itong puwang sa hanay ng rebolusyon.

Dapat nating gamitin ang Marxismo, na positibo sa diwa, para mapangibabawan ang liberalismo, na negatibo. Dapat maging malawak ang isipan ng isang Komunista at maging matatag at aktibo, tinitingnan ang interes ng rebolusyon bilang kanyang buhay at ipinaiilalim sa rebolusyon ang personal na interes; lagi at saanma'y nananatiling tapat sa prinsipyo at naglulunsad ng isang walang-kapagurang pakikibaka laban sa lahat ng maling ideya at aksyon upang konsolidahin ang kolektibong buhay ng Partido at mapatibay ang pagbubuklod ng Partido at ng masa; dapat nilang pagmalasakitan ang Partido at ang masa nang higit kaninuman, at pagmalasakitan ang iba nang higit sa sarili. Tanging sa ganitong paraan lamang maituturing na Komunista ang isang tao.

Dapat magkaisa ang lahat ng matapat, tunay, aktibo at matwid na Komunista para labanan ang mga tendensyang liberal na ipinakikita ng ilang tao sa ating hanay at akayin

sila sa wastong landas. Isa ito sa mga tungkulin sa ating larangang pang-ideolohiya.

# HINGGIL SA PAGWAWASTO NG MALING MGA IDEYA SA LOOB NG PARTIDO

Disyembre, 1929

May umiral na iba't ibang di proletaryong ideya sa loob ng organisasyon ng Partido Komunista at sa loob ng Ikaapat na Pulang Hukbo na lubusang nakasasagabal sa pagsasapraktika ng wastong linya ng Partido. Hanggang ang mga ideyang ito ay hindi puspusang naiwawasto, hindi maisasabalikat ng Ikaapat na Hukbo ang tungkuling iniatas dito sa dakilang rebolusyonaryong pakikibaka ng Tsina. Ang pinagmulan ng ganoong mga ideya sa loob ng organisasyong ito ng Partido ay batay sa katotohanan na ang mga batayang yunit nito ay binubuo karamihan ng mga magsasaka at iba pang elementong nagmula sa petiburgesya; gayunman, ang kabiguan ng mga namumunong organo ng Partido na maglunsad ng isang sama-sama at determinadong pakikibaka laban sa maling mga ideyang ito at ituro sa mga kasapi ang wastong linya ng Partido ay isa ring mahalagang dahilan ng pag-iral at paglaki ng mga ito. Alinsunod sa diwa ng liham ng Komite Sentral noong Setyembre, tinutukoy na ngayon

ng kongresong ito ang mga manipestasyon ng iba't ibang di proletaryong kaisipan sa loob ng organisasyon ng Partido sa Ikaapat na Hukbo, ang pinagmumulan ng mga ito at ang mga pamamaraan ng pagwawasto sa mga ito, at nananawagan sa lahat ng kasama na lubusang pawiin ang mga ito.

## Hinggil sa Lantay na Pananaw Militar

Ang lantay na pananaw militar ay malubhang-malubha nang umiiral sa hanay ng ilang kasama sa Pulang Hukbo. Makikita ito sa sumusunod:

1. Itinuturing ng mga kasamang ito na magkasalungat ang mga usaping militar at ang pulitika at tumatangging kilalanin na ang mga usaping militar ay isa lamang sa mga pamamaraan ng pagtupad sa mga tungkuling pampulitika. Sinasabi pa ng ilan, "Kung mahusay ka sa militar, natural na mahusay ka sa pulitika; kung hindi ka mahusay sa militar, hindi ka maaaring gumaling sa pulitika" – ang ganitong palagay ay higit na malubha at nagbibigay sa mga usaping militar ng isang pangunahing papel kaysa pulitika.

2. Inaakala nila na ang tungkulin ng Pulang Hukbo, tulad ng Puting Hukbo, ay lumaban lamang. Hindi nila nauunawaan na ang Pulang Hukbo ng Tsina ay isang armadong pangkat para ipatupad ang mga tungkuling pampulitika ng rebolusyon. Laluna sa kasalukuyan, ang Pulang Hukbo ay hindi dapat na magkasya sa paglaban lamang. Bukod sa paglaban upang puksain ang lakas militar ng kaaway, dapat nitong balikatin ang mahahalagang tungkulin gaya ng pagpopropaganda sa masa, pag-oorganisa sa masa, pag-aarmas sa kanila, pagtulong sa kanila sa pagtatatag ng kapangyarihang

pampulitika at pagtatayo ng mga organisasyon ng Partido. Ang pulang hukbo ay lumalaban hindi para lumaban lamang, kundi para rin sa pagpopropaganda sa hanay ng masa, pag-oorganisa sa kanila, pag-aarmas sa kanila, at pagtulong sa kanila para maitatag ang rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika. Kung wala ang mga layuning ito, nawawala ang kahulugan ng pakikipaglaban at nawawala ang dahilan ng Pulang Hukbo para umiral pa.

3. Kung kaya, sa organisasyon ay ipinaiilalim ng mga kasamang ito ang mga kagawaran ng Pulang Hukbo na tumutupad ng gawaing pampulitika doon sa tumutupad ng gawaing militar, at inihahapag ang islogang, "Hayaan na ang Himpilan ng Hukbo ang humawak sa mga usaping panlabas." Kung hahayaang lumubha ang kaisipang ito, manganganib na mahiwalay sa masa ang Partido, makontrol ng hukbo ang gubyerno at tumalikod sa pamumuno ng proletaryado – tatahak ito sa landas ng pamamanginoong-militar tulad ng hukbong Guomindang.

4. Kaalinsabay nito, sa gawaing propaganda ay kinakaligtaan nila ang kahalagahan ng mga pangkat pampropaganda. Sa usapin ng organisasyong masa, kinaliligtaan nila ang pag-oorganisa ng mga komite ng mga kawal sa hukbo at ang pag-oorganisa sa mga lokal na manggagawa't magsasaka. Bunga nito, napapabayaan kapwa ang gawaing pampropaganda at pang-organisasyon.

5. Lumalaki ang kanilang ulo kapag nananalo sa labanan at nasisiraan ng loob kapag natatalo sa labanan.

6. Makasariling departamentalismo – iniisip lamang nila ang Ikaapat na Hukbo at hindi natatanto na isang mahalagang tungkulin ng Pulang Hukbo na armasan ang mga lokal na masa. Ang ganito ay pinalaking anyo

ng pagpapangkat-pangkat.

7. Palibhasa'y nakapako ang pananaw sa makitid nilang kapaligiran sa Ikaapat na Hukbo, naniniwala ang ilang kasama na wala nang iba pang umiiral na mga rebolusyonaryong pwersa – ito ang dahilan ng kanilang labis na pagkalulong sa kaisipan na pangalagaan ang lakas at umiwas sa labanan. Ito ay labi ng oportunismo.

8. Ilang kasama, na hindi nagsasaalang-alang sa mga kalagayang suhetibo at obhetibo, ay may sakit ng rebolusyonaryong kapusukan; hindi sila magtitiyagang gumawa ng maliliit at detalyadong gawain sa piling ng masa kundi, lipos ng ilusyon, nais lamang na gumawa ng malalaking bagay. Ito ay labi ng putsismo.[1]

Ang pinanggagalingan ng lantay na pananaw militar ay ang sumusunod:

1. Mababang kamulatang pampulitika. Dito nagmumula ang pagkukulang na kilalanin ang papel ng pamumunong pampulitika sa hukbo at ang pagkukulang na kilalanin na ang Pulang Hukbo at ang Puting Hukbo ay pundamental na magkaiba.

2. Ang kaisipan ng bayarang kawal. Marami sa mga nabihag noong nakaraang mga labanan ang sumapi sa

1 Sa maikling panahon pagkaraang matalo ang rebolusyon noong 1927, lumitaw sa Partido Komunista ang isang tunguhin ng kaliwang putsismo. Itinuring ng mga putsistang kasama ang rebolusyong Tsino bilang isang "permanenteng rebolusyon" at ang rebolusyonaryong kalagayan sa Tsina bilang isang "permanenteng bugso", tinutulan ng mga putsistang kasama ang pag-oorganisa ng isang maayos na pag-atras at, ginamit ang mga paraan ng kumandismo at sumalig lamang sa isang maliit na bilang ng mga kasapi ng Partido at isang maliit na seksyon ng masa, buong kamalian silang nagtangkang maglunsad ng isang serye ng lokal na pag-aalsa sa buong bayan, na walang pag-asang magtagumpay. Lumaganap noong huling bahagi ng 1927 ang ganoong mga putsistang aktibidad pero unti-unting humupa noong maagang bahagi ng 1928, bagamat nanatili pa rin sa hanay ng ilang kasama ang sentimyentong pabor sa putsismo.

Pulang Hukbo, at dala-dala ng mga taong ito ang isang kapuna-punang pananaw ng bayarang kawal, kung kaya nagkakaroon ng batayan ang lantay na pananaw militar sa mas nakabababang ranggo.

3. Mula sa dalawang naunang dahilan, lumilitaw ang ikatlo – ang labis na pagtitiwala sa lakas militar at kawalan ng pagtitiwala sa lakas ng masa.

4. Ang kabiguan ng Partido na harapin at talakayin ang gawaing militar ay isa ring dahilan ng paglitaw ng lantay na pananaw militar sa hanay ng ilang kasama.

Ang mga pamamaraan ng pagwawasto ay ang sumusunod:

1. Itaas ang kamulatang pampulitika ng mga kasapi ng Partido sa pamamagitan ng pag-aaral. Kitlin ang ugat sa teorya ng lantay na pananaw militar, at linawin ang pundamental na pagkakaiba ng Pulang Hukbo sa Puting Hukbo. Kaalinsabay nito, pawiin ang mga labi ng oportunismo at putsismo, at lansagin ang makasariling departamentalismo sa Ikaapat na Hukbo.

2. Pag-ibayuhin ang pampulitikang pagsasanay ng mga pinuno at kawal laluna ang pag-aaral ng mga dating bihag. Kaalinsabay nito, hangga't maaari ay hayaan ang lokal na gubyerno na pumili ng mga manggagawa't magsasaka na may karanasan sa pakikibaka para sumapi sa Pulang Hukbo.

3. Pakilusin ang lokal na mga organisasyon ng Partido para punahin ang mga organisasyon ng Partido sa Pulang Hukbo at ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng masa para punahin ang Pulang Hukbo mismo upang maimpluwensyahan ang organisasyon ng Partido at mga pinuno at kawal ng Pulang Hukbo.

4. Dapat aktibong harapin at talakayin ng Partido ang gawaing militar. Ang lahat ng gawain ay dapat talakayin

at pagpasyahan ng Partido bago ipatupad ng batayang antas.

5. Gumawa ng mga alituntunin at regulasyon para sa Pulang Hukbo na malinaw na magtatakda ng mga tungkulin nito, ng relasyon sa pagitan ng makinaryang militar at pampulitika nito, ng relasyon sa pagitan ng Pulang Hukbo at ng masa, at ng mga kapangyarihan at mga tungkulin ng mga komite ng mga kawal at relasyon ng mga ito sa mga organisasyong militar at pampulitika.

## Hinggil sa Ultra-Demokrasya

Mula nang tanggapin ng Ikaapat na Hukbo ng Pulang Hukbo ang mga direktiba ng Komite Sentral, nagkaroon ng malaking pagliit sa mga palatandaan ng ultra-demokrasya. Halimbawa, mas mahusay na ngayong ipinatutupad ang mga pasya ng Partido; at wala nang naghahapag ng ganoong maling mga kahilingan na dapat ilapat ng Pulang Hukbo ang "demokratikong sentralismo mula sa ibaba hanggang sa itaas" o dapat "hayaan ang nakabababang organo na talakayin muna ang problema, at pagkatapos ay hayaang magpasya ang nakatataas na organo". Gayunman, sa katunayan ay pansamantala at paimbabaw lamang ang mga pagliit na ito at hindi nangangahulugan na napawi na ang mga kaisipang ultra-demokrasya. Sa madaling sabi, malalim pang nakaugat ang ultra-demokrasya sa mga isipan ng maraming kasama. Saksihan ang iba't ibang pagpapakita ng pag-aatubili sa pagpapatupad ng mga kapasyahan ng Partido.

Ang mga paraan ng pagwawasto ay ang sumusunod:

1. Sa larangan ng teorya, kitlin ang mga ugat ng ultra-

demokrasya. Una, dapat bigyang-diin na ang panganib ng ultra-demokrasya ay makikita sa katotohanan na pinipinsala nito o ganap pa ngang pinapanghina ang organisasyon ng Partido at pinahihina o ganap pa ngang pinapanghina ang kakayahan ng Partido sa pakikipaglaban, kaya inaalisan ang Partido ng kakayahan na isakatuparan ang kanyang mga mapanlabang tungkulin at sa gayo'y nagiging dahilan ng pagkatalo ng rebolusyon. Kasunod nito, dapat bigyang-diin na ang pinagmumulan ng ultra-demokrasya ay makikita sa indibidwalistikong pagtanggi ng petiburges sa disiplina. Kapag dinala ang ganitong katangian sa loob ng Partido, ito ay umuunlad tungong mga ideya ng ultra-demokrasya sa larangan ng pulitika at organisasyon. Hinding-hindi naaangkop ang mga ideyang ito sa mga mapanlabang tungkulin ng proletaryado.

2. Sa larangan ng organisasyon, tiyakin ang demokrasya sa ilalim ng sentralisadong pamamatnubay. Dapat itong gawin sa sumusunod na mga paraan:

(1) Dapat magbigay ng isang wastong linya ng pamamatnubay ang mga namumunong organo ng Partido at maghanap ng mga solusyon kapag lumilitaw ang mga problema upang kanilang maitatag ang sarili bilang mga sentro ng pamumuno.

(2) Dapat makilala nang mabuti ng mga mas nakatataas na organo ang buhay ng masa at ang kalagayan ng mga mas nakabababang organo upang magkaroon ng obhetibong batayan para sa wastong pamamatnubay.

(3) Walang organisasyon ng Partido sa anumang antas ang dapat basta-basta na lamang gumawa ng mga kapasyahan sa paglutas ng mga problema. Kapag napagpasyahan na, dapat itong mahigpit na ipatupad.

(4) Lahat ng kapasyahan, anuman ang kahalagahan,

na ginawa ng mga mas nakatataas na organo ng Partido ay dapat ipaabot kaagad sa mga mas nakabababang organo at mga kasapian ng Partido. Ito'y magagawa sa pamamagitan ng pagtawag ng mga pulong ng mga aktibista o pulong ng pangkalahatang kasapian ng mga sangay ng Partido o kahit ng mga hanay[1] (kung ipinahihintulot ng kalagayan) at sa pamamagitan ng pagtatalaga kung sino ang mag-uulat sa ganoong mga pulong.

(5) Dapat talakayin nang detalyado ng mga mas nakabababang organo ng Partido at ng kasapian ng Partido ang mga direktiba ng mga mas nakatataas na organo para maunawaan nang lubusan ang kahulugan ng mga ito at mapagpasyahan ang mga pamamaraan ng pagpapatupad ng mga ito.

## Hinggil sa Paglabag sa Disiplinang Pang-organisasyon

Ang paglabag sa disiplinang pang-organisasyon sa organisasyon ng Partido sa loob ng Ikaapat na Hukbo ay nakikita sa sumusunod:

A. Ang hindi pagsunod ng minorya sa mayorya. Halimbawa, kapag ang mungkahi ng minorya ay natalo sa botohan, hindi nito tapat na ipinatutupad ang mga pasya ng Partido.

Ang mga pamamaraan ng pagwawasto ay ang sumusunod:

1. Sa mga pulong, dapat hikayatin ang lahat ng kalahok na ipahayag ang kanilang mga opinyon

1 Sa sistemang gerilya ng organisasyon, ang isang hanay ay katumbas ng isang dibisyon sa hukbong regular na may tauhang higit na mas pleksible at kadalasa'y mas maliit kaysa isang dibisyong regular.

nang lubusan hangga't maaari. Ang mga wasto at mali sa anumang pagtatalo ay dapat linawin nang hindi nakikipagkompromiso o pahapyaw lamang ang paliwanag. Upang makarating sa isang malinaw na kapasyahan, ang anumang hindi maaaring malutas sa isang pulong ay dapat talakayin sa isa pang pulong, kung hindi makakaabala sa gawain.

2. Isang rekisito ng disiplina ng Partido ay dapat na sumunod sa mayorya ang minorya. Kung tinanggihan ang pananaw ng minorya, dapat nitong itaguyod ang kapasyahang pinagtibay ng mayorya. Kung kinakailangan, maaari nitong ihapag ang usapin para muling isaalang-alang sa susunod na pulong, pero bukod dito, dapat hindi ito kumilos nang labag sa kapasyahan sa anumang paraan.

B. Pagpuna nang hindi isinasaalang-alang ang disiplinang pang-organisasyon.

1. Ang pagpuna sa loob ng Partido ay isang sandata para palakasin ang organisasyon ng Partido at pataasin ang kakayahan nito sa pakikipaglaban. Gayunman, sa organisasyon ng Partido ng Pulang Hukbo, hindi laging ganito ang katangian ng pagpuna, at kung minsan pa'y nagiging pag-atakeng personal. Bunga nito, napipinsala nito ang organisasyon ng Partido at gayundin ang mga indibidwal. Isa itong manipestasyon ng indibidwalismong petiburges. Ang paraan ng pagwawasto ay ang pagtulong sa mga kasapi ng Partido na maunawaan na ang layunin ng pagpuna ay para pataasin ang kakayahan ng Partido sa pakikipaglaban upang makamit ang tagumpay sa makauring pakikibaka at hindi dapat gamitin bilang paraan ng pag-atakeng personal.

2. Maraming kasapi ng Partido ang gumagawa ng pagpuna hindi sa loob kundi sa labas ng Partido.

Ang dahilan nito ay hindi nagagap ng karaniwang kasapian ang kahalagahan ng organisasyon ng Partido (ang mga pulong nito at iba pa), at hindi nakikita ang pagkakaiba sa pagitan ng pagpuna sa loob at sa labas ng organisasyon. Ang paraan ng pagwawasto ay ang pagtuturo sa mga kasapi ng Partido upang maunawaan nila ang kahalagahan ng organisasyon ng Partido at gawin ang kanilang pagpuna sa mga komite ng Partido at mga kasama sa mga pulong ng Partido.

## Tungkol sa Kaisipang Absolutong Pagkakapantay-pantay

Ang kaisipang absolutong pagkakapantay-pantay ay minsang naging napakalubha sa Pulang Hukbo. Narito ang ilang halimbawa. Sa usapin ng alawans para sa mga sugatang kawal, may mga pagtutol sa pag-iiba sa pagitan ng di gaanong malulubha at malulubhang kaso, at hiningi ang pantay na alawans para sa lahat. Kapag nakasakay sa kabayo ang mga upisyal, hindi ito itinuturing bilang isang bagay na kinakailangan para sa paggampan ng kanilang mga tungkulin kundi bilang isang tanda ng di pagkakapantay-pantay. Hiningi ang absolutong pagkakapantay-pantay sa pamamahagi ng mga panustos, at may pagtutol sa medyo malaki-laking parte para sa mga espesyal na kaso. Sa paghahakot ng bigas, hiningi na lahat dapat ay magpasan ng pare-parehong bigat, anuman ang edad o pisikal na kalagayan. Hiningi ang pagkakapantay-pantay sa pagtatakda ng tirahan, at ang Himpilan ay nababatikos sa paggamit ng mas malalaking silid. Hiningi ang pagkakapantay-pantay sa pagtatalaga sa nakakapagod na mga tungkulin, at may pagtangging gumawa ng mas marami-rami kaysa ibang

tao. Humantong pa ito na kapag may dalawang sugatang kawal at iisa lamang ang istretser, walang mabubuhat dahil ayaw magbigayan ang dalawa. Ang absolutong pagkakapantay-pantay na ipinakita sa mga halimbawang ito ay napakalubha pa sa hanay ng mga pinuno at kawal ng Pulang Hukbo.

Ang absolutong pagkakapantay-pantay, tulad ng ultra-demokrasya sa mga usaping pampulitika, ay produkto ng isang ekonomya ng yaring-kamay at maliit na magsasaka – ang tanging pagkakaiba ay makikita ang isa sa mga usaping materyal samantalang ang isa nama'y sa usaping pampulitika.

Ang paraan ng pagwawasto: Dapat nating ipakita na bago mapawi ang kapitalismo, ang absolutong pagkakapantay-pantay ay isang kathang-isip lamang ng mga magsasaka at ng maliliit na nagmamay-ari, at kahit na sa ilalim ng sosyalismo ay hindi magkakaroon ng absolutong pagkakapantay-pantay dahil ang mga materyal na bagay ay ipamamahagi batay sa prinsipyo ng "mula sa bawat isa ayon sa kanyang kakayahan, para sa bawat isa ayon sa kanyang nagawa", gayundin sa pagtugon sa mga pangangailangan ng gawain. Dapat na humigit-kumulang ay maging pantay-pantay ang pamamahagi ng mga materyal na bagay sa Pulang Hukbo, tulad sa kaso ng pantay na sahod ng mga upisyal at mga kawal, dahil hinihingi ito ng kasalukuyang kalagayan ng pakikibaka. Ngunit ang absolutong pagkakapantay-pantay na wala sa katwiran ay dapat tutulan dahil hindi ito hinihingi ng pakikibaka; taliwas dito, nagiging sagka ito sa pakikibaka.

## Hinggil sa Suhetibismo

Malubhang umiiral sa hanay ng ilang kasapi ng Partido ang suhetibismo, na pumipinsala nang malaki sa

organisasyon dahil sa ibubunga nitong maling pagsusuri sa kalagayang pampulitika at pamamatnubay sa gawain. Ito ay dahil sa ang suhetibong pagsusuri sa kalagayang pampulitika at ang suhetibong pamamatnubay sa gawain ay di maiiwasang magbunga ng oportunismo o putsismo. Tungkol sa suhetibong pamumuna, ang walang pakundangan at walang-batayang usapan o paghihinala, ang ganoong mga gawain sa loob ng Partido ay madalas pinagmumulan ng mga di makaprinsipyong alitan at nagpapanghina sa organisasyon ng Partido.

Isa pang puntong dapat banggitin kaugnay ng pamumuna sa loob ng Partido ay ang pagbabalewala ng ilang kasama sa mga mayor na usapin at itinutuon ang kanilang pansin sa maliliit na punto kapag ginagawa nila ang kanilang pagpuna. Hindi nila nauunawaan na ang pangunahing tungkulin ng pagpuna ay ang pagtukoy sa mga pagkakamali sa pulitika at organisasyon. Tungkol sa mga personal na kakulangan, hangga't ang mga ito ay kaugnay ng mga pagkakamali sa pulitika at organisasyon, hindi kinakailangang maging malabis sa pamumuna at hiyain ang mga kinauukulang kasama. Dagdag pa, kapag lumala ang ganoong pamumuna, may malaking panganib na lubusang magtutuon sa maliliit na kamalian lamang ang mga kasapi ng Partido, at lahat ay magiging mahiyain at labis na maingat at makalilimutan ang mga tungkuling pampulitika ng Partido.

Ang pangunahing paraan ng pagwawasto ay turuan ang mga kasapi ng Partido upang mamayani ang isang diwang pampulitika at syentipiko sa kanilang mga pag-iisip at kanilang buhay pampartido. Upang makamit ito, dapat nating: (1) ituro sa mga kasapi ng Partido na isapraktika ang Marxista-Leninistang pamamaraan ng pagsusuri ng kalagayang pampulitika at ng pagtatasa

sa mga makauring pwersa sa halip na gumagawa ng suhetibong pagsusuri at pagtatasa; (2) ituon ang pansin ng mga kasapi ng Partido sa panlipunan at pang-ekonomyang pagsisiyasat at pagsusuri upang malaman ang mga taktika ng pakikibaka at mga pamamaraan ng paggawa, at tulungan ang mga kasama na maunawaan na kung walang pagsisisayasat sa tunay na kalagayan, mahuhulog sila sa hukay ng pantasya at putsismo; at (3) sa pamumuna sa loob ng Partido, magmatyag laban sa suhetibismo, pagiging di-makatwiran at pagiging bulgar sa pamumuna. Dapat ibatay sa katotohanan ang mga pahayag at dapat nakasentro sa pulitika ang pamumuna.

## Hinggil sa Indibidwalismo

Ang tendensya sa indibidwalismo sa loob ng organisasyon ng Partido ng Pulang Hukbo ay nakikita sa sumusunod:

1. *Pagganti*. Pagkaraang mapuna sa loob ng Partido ng isang kasamang kawal, ang ilang kasama ay naghahanap ng mga pagkakataong makaganti sa labas ng Partido, at isang paraan ay talunin o alipustain ang kasamang nabanggit. Sila rin ay naghahangad na makaganti sa loob ng Partido. "Pinuna mo ako sa pulong na ito, kaya maghahanap ako ng ilang paraan para makaganti sa susunod." Lumilitaw ang ganoong mga pagganti mula sa lantay na mga personal na dahilan, sa kapinsalaan ng interes ng uri at ng Partido sa kabuuan. Hindi ang makauring kaaway ang target nito kundi ang mga indibidwal sa ating hanay. Isa itong kalawang na nagpapahina sa organisasyon at sa kakayahan nito sa pakikipaglaban.

2. *Mentalidad ng "maliit na grupo"*. Ilang kasama ang nagmamalasakit lamang sa interes ng kanilang sariling

maliit na grupo at binabalewala ang pangkalahatang interes. Bagamat sa panlabas ay hindi ito mukhang paghahangad ng personal na interes, sa katotohana'y inihahalimbawa nito ang pinakamakitid na indibidwalismo at may isang malakas na epektong mapanira at mapanghiwalay. Minsa'y naging laganap sa Pulang Hukbo ang mentalidad ng "maliit na grupo", at bagamat nagkaroon ng ilang pagbabago bilang resulta ng pagpuna, mayroon pa ring ilang palatandaan at kailangan ng ibayong pagsisikap upang maigpawan ito.

3. *Ang mentalidad na "empleyado"*. Ilang kasama ang hindi nakauunawa na ang Partido at ang Pulang Hukbo, kung saan mga kasapi sila, ay kapwa kasangkapan para sa pagpapatupad ng mga tungkulin ng rebolusyon. Hindi nila nababatid na sila ay mga tagapaglikha ng rebolusyon, at inaakalang sila ay may pananagutan lamang sa mga indibidwal na nakatataas sa kanila at hindi sa rebolusyon. Ang pasibong mentalidad na ito ng pagiging"empleyado" ng rebolusyon ay isa ring palatandaan ng indibidwalismo. Ipinaliliwanag nito kung bakit kakaunti ang mga aktibistang kumikilos nang walang pasubali para sa rebolusyon. Hangga't hindi ito napapawi, hindi darami ang bilang ng mga aktibista at mananatili sa balikat ng isang maliit na bilang ng tao ang bigat ng pasanin ng rebolusyon, sa kapinsalaan ng pakikibaka.

4. *Paghahanap ng aliw*. Sa loob ng Pulang Hukbo, mayroon ding ilang tao na nagpapakita ng indibidwalismo sa pamamagitan ng paghahanap ng aliw. Lagi nilang inaasam na magmamartsa ang kanilang yunit sa malalaking lunsod. Gusto nilang pumunta roon hindi upang kumilos kundi upang magpasarap. Ayaw na ayaw nilang kumilos sa mga Pulang purok kung saan mahirap ang buhay.

5. *Pagkapasibo*. Ilang kasama ang nagiging pasibo at tumitigil sa paggawa tuwing may nangyayaring laban sa kanilang kagustuhan. Pangunahing dahilan nito ang kakulangan sa edukasyon, bagamat kung minsan ay dahil din ito sa di wastong paghawak ng pamunuan sa mga bagay, sa pagtatalaga ng gawain o sa pagpapatupad ng disiplina.

6. *Ang pagnanais na umalis sa hukbo*. Dumarami ang bilang ng mga taong humihinging malipat mula sa Pulang Hukbo tungo sa gawaing lokal. Hindi lamang nakasalalay sa mga indibidwal ang dahilan nito kundi gayundin sa: (1) mga materyal na kahirapan ng buhay sa Pulang Hukbo, (2) matinding pagod pagkaraan ng matagal na pakikibaka, at (3) di wastong paghawak ng pamunuan sa mga bagay, sa pagtatalaga ng gawain o sa pagpapatupad ng disiplina.

Ang paraan ng pagwawasto sa pangunahin ay ang pagpapalakas sa edukasyon upang maiwasto ang indibidwalismo sa ideolohiya. Kasunod nito ay ang maayos na paghawak sa mga bagay, pagtatalaga ng gawain at pagpapatupad ng disiplina. Dagdag pa, dapat humanap ng mga paraan upang mapabuti ang materyal na buhay sa Pulang Hukbo, at dapat gamitin para sa pagpapahinga at rehabilitasyon ang bawat pagkakataong maaari upang mapabuti ang mga materyal na kalagayan. Sa ating gawaing edukasyon, dapat nating ipaliwanag na ang indibidwalismo, sa pinagmulan nito sa lipunan, ay isang salamin ng kaisipang petiburges at burges sa loob ng Partido.

## Hinggil sa Ideolohiya ng mga Pangkat ng Rebeldeng Lagalag

Lumitaw sa Pulang Hukbo ang ideolohiyang

pampulitika ng mga pangkat ng rebeldeng lagalag dahil malaki ang proporsyon ng mga elementong bagamundo at dahil mayroong napakalaking bilang ng mga bagamundo sa Tsina laluna sa mga lalawigan sa katimugan. Makikita ang ideolohiyang ito sa sumusunod: (1) nais ng ilang tao na palawakin ang ating impluwensyang pampulitika sa pamamagitan lamang ng mga aksyon ng gerilyang lagalag pero tumututol na palawakin ito sa pagsasagawa ng mahirap na tungkulin ng pagtatayo ng mga baseng purok at pagtatatag ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. (2) Sa pagpapalawak ng Pulang Hukbo, sinusunod ng ilang tao ang linya ng "umupa ng mga tauhan at bumili ng mga kabayo" at "magrekluta ng mga tumalilis at tumanggap ng mga nagsiaklas,"[1] sa halip na ang linya ng pagpapalawak ng mga lokal na mga Pulang Taliba at ng mga lokal na tropa at pagpapaunlad ng mga pangunahing pwersa ng Pulang Hukbo. (3) Ilang tao ang walang tiyaga sa pagsasagawa ng mahihirap na pakikibaka kasama ng masa at nais lamang magpunta sa malalaking lunsod para kumain at uminom hanggang sa magsawa. Lahat ng palatandaang ito ng ideolohiya ng mga rebeldeng lagalag ay nakakasagabal nang malaki sa Pulang Hukbo sa pagtupad sa nakatalagang mga tungkulin nito. Kung gayon, ang pagpawi nito ay isang mahalagang layunin ng pakikibakang pang-ideolohiya sa loob ng organisasyon ng Partido ng Pulang Hukbo. Dapat ding maunawaan na ang mga gawi ng mga rebeldeng

1 Ang dalawang kasabihang Tsinong ito ay tumutukoy sa mga paraang itinaguyod ng ilang rebelde sa kasaysayan ng Tsina para palawakin ang kanilang mga pwersa.

lagalag na katipo nina Huang Chao[1] o Li Chuang[2] ay hindi

1 Si Huang Chao ang pinuno ng mga pag-aalsang magsasaka noong huling bahagi ng Dinastiyang Tang. Noong 875 A.D., mula sa kanyang tinubuang bayan ng Tsaochow (ngayo'y bayan ng Hotse sa Shaunting), pinamunuan ni Huang ang mga armadong magsasaka sa matatagumpay na pakikipaglaban sa mga pwersa ng imperyo at tinagurian ang sarili bilang "Heneral na Lumulusob sa Langit". Sa loob ng isang dekada ay napasok niya ang karamihan ng mga probinsya sa lambak ng mga ilog Yellow, Yangtse, Huai at Pearl, umabot pa nga hanggang sa Kwangsi. Sa wakas ay nakalusot siya sa Pasong Tungkuan, naagaw ang Changan (ngayo'y Sian sa Shensi) na kabisera ng imperyo, at kinoronahang Emperador ng Chi. Dahil sa mga alitang panloob at pagsalakay ng mga tribong di kabilang sa liping Han na alyado ng mga pwersang Tang, napilitan si Huang na lisanin ang Changan at umatras sa kanyang bayang tinubuan, kung saan siya nagpakamatay. Ang sampung taong digmang kanyang ipinaglaban ay isa sa mga bantog na mga digmang magsasaka sa kasaysayan ng Tsina. Itinala ng mga mananalaysay ng mga dinastiya na "ang lahat ng mamamayang pinahihirapan ng mataas na buwis at pagpapataw ay sumama sa kanya." Ngunit dahil pakikidigmang lagalag lamang ang kanyang isinagawa nang hindi man lamang nagtatag ng matitibay na baseng purok, ang kanyang mga pwersa ay binansagang "mga pangkat ng rebeldeng lagalag".

2 Si Li Chuang, palayaw ni Li Tzu-cheng, ang Haring Chuang (Ang Haring Humamon sa Lahat), tubong Michin sa hilagang Shensi, ang pinuno ng isang pag-aalsang magsasaka na nagpabagsak sa dinastiyang Ming. Nagsimula ang pag-aalsa sa hilagang Shensi noong 1628. Sumanib si Li sa pwersang pinamunuan ni Kao Ying-shiang at kumilos sa Honan at Anhwei at pabalik ng Shensi. Pagkamatay ni Kao noong 1636, humalili sa kanya si Li at naging si Haring Chuang, at kumilos sa loob at labas ng mga probinsya ng Shensi, Szechuan, Honan at Hupeh. Sa wakas ay naagaw niya ang Peking na kabisera ng imperyo noong 1644, kung saan nagpatiwakal ang pinakahuling emperador ng Ming. Ang pangunahing islogan na ipinalaganap niya sa hanay ng masa ay "Suportahan si Haring Chuang, at huwag nang magbayad ng buwis na butil." Ang isa pa niyang islogan para ipatupad ang disiplina sa hanay ng kanyang mga tauhan ay: "Anumang pamamaslang ay pagpatay sa aking ama, at anumang panggagahasa ay nangangahulugan ng paghalay sa aking ina." Kaya, nakuha niya ang suporta ng masa at ang kanyang kilusan ang naging pangunahing

pinahihintulutan sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan.

Ang mga paraan ng pagwawasto ay ang sumusunod:

1. Pag-ibayuhin ang edukasyon, punahin ang maling mga ideya at pawiin ang ideolohiya ng mga pangkat ng rebeldeng lagalag.

2. Pag-ibayuhin ang edukasyon sa hanay ng mga batayang seksyon ng Pulang Hukbo at sa hanay ng bagong mga reklutang bihag para labanan ang bagamundong pananaw.

3. Pasampahin sa Pulang Hukbo ang aktibong mga manggagawa at magsasakang may karanasan sa pakikibaka upang mabago ang kabuuan nito.

4. Lumikha ng bagong mga yunit ng Pulang Hukbo mula sa hanay ng masa ng mga militanteng manggagawa't magsasaka.

## Hinggil sa mga Labi ng Putsismo

Ang organisasyon ng Partido sa Pulang Hukbo ay naglunsad na ng mga pakikibaka laban sa putsismo, bagamat hindi pa sapat ang saklaw. Kaya naman umiiral pa rin sa Pulang Hukbo ang mga labi ng ideolohiyang ito. Ang mga palatandaan ng mga ito ay: (1) bulag na pagkilos na hindi isinasaalang-alang ang kalagayang suhetibo at obhetibo; (2) di sapat at di matatag na paglalapat ng mga patakaran ng Partido sa mga lunsod; (3) maluwag na disiplinang militar laluna sa mga sandali ng pagkatalo; (4) pagsasagawa ng ilang yunit ng panununog ng bahay; at (5) ang mga kinagawiang pagbaril sa mga takas sa hukbo

agos ng mga pag-aalsang magsasakang nagliliyab sa buong bayan. Dahil siya rin ay naglagalag nang hindi nagtatatag ng matibay-tibay na mga konsolidadong purok, kalauna'y tinalo siya ni Wu San-kuei, isang heneral ng Ming na nakipagsabwatan sa mga tropang Ching sa isang magkasanib na pagsalakay kay Li.

at pagpapataw ng parusang pisikal na kapwa nagpapakita ng putsismo. Kaugnay ng pinagmulan sa lipunan, ang putsismo ay isang kumbinasyon ng lumpen-proletaryo at ng petiburges na ideolohiya.

Ang mga paraan ng pagwawasto ay ang sumusunod:

1. Pawiin ang putsismo sa ideolohiya.

2. Iwasto ang putsistang asal sa pamamagitan ng mga alituntunin, pamamalakad at patakaran.

# KOMENTARYO SA *HINGGIL SA PAGWAWASTO NG MALING MGA IDEYA SA LOOB NG PARTIDO*

Ang "Hinggil sa Pagwawasto ng Maling mga Ideya sa Loob ng Partido" ay bahagi ng isang resolusyong binalangkas ng ating dakilang pinuno na si Tagapangulong Mao noong Disyembre 1929 para sa Ikasiyam na Kongreso ng Ikaapat na Hukbo ng Pulang Hukbo. Ginanap ang kongresong ito sa bayan ng Kutien, Probinsya ng Fukien, kaya ang resolusyon ay tinawag na Resolusyon ng Kumperensya sa Kutien. Ang resolusyong ito ang pinakamahalagang pagtatasa ng karanasang nakamit sa pagtatayo ng Partido at hukbo mula nang itatag ang ating Partido; produkto ito ng matagumpay na pakikibaka sa ating hanay na isinulong ng proletaryong ideolohiya, pananaw sa daigdig at rebolusyonaryong linya laban sa burges na pananaw sa daigdig at reaksyunaryong linya. Isa itong mahusay na dokumentong may malaking istoriko at praktikal na kabuluhan.

Sa mahusay na akdang ito, kumprehensibo, wasto at puspusang nilutas ni Tagapangulong Mao sa kauna-unahang pagkakataon ang usapin ng oryentasyon at linya para sa pagbubuo ng ating Partido at hukbo. Sa pinakamaagang mga araw ng ating hukbo, binigyan nito ng kakayahan ang ating hukbo na gumuhit ng batayang

linya ng pagkakaiba sa pagitan ng proletaryo at burges na hukbo, at ilatag ang mga pundasyon ng gawaing pampulitika. Ito ay naging isang patnubay na ilaw na gumagabay sa pagsulong ng ating Partido at hukbo.

Pumasok na ngayon sa isang bagong yugto ang proletaryong rebolusyong pangkultura. Bilang tugon sa dakilang panawagan ng ating pinakaginagalang at minamahal na pinunong si Tagapangalong Mao, isang pakikibaka ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa pamamagitan ng isang malawak na alyansa para agawin ang kapangyarihan mula sa sandakot na taong tumatahak sa kapitalistang landas ang lumalaganap sa buong Tsina at yumayanig sa buong daigdig na may sigla ng isang pagragasa at lakas ng isang kidlat. Sa napakahalagang sandaling ito, "Dapat nating panatilihing nasa magandang ayos ang ating hanay, dapat tayong magmartsa nang sabay-sabay, dapat piling-piling mga tropa ang ating mga tropa at mahuhusay na sandata ang ating mga sandata. Kung wala ang mga kundisyong ito, hindi maibabagsak ang kaaway." (Iwasto ang Estilo ng Paggawa ng Partido).

Pero sa rebolusyonaryong organisasyong masa mayroon pang umiiral na ilang tendensya na humahadlang sa dakilang alyansa ng mga proletaryong rebolusyonaryo. Kabilang sa mga ito ang makasariling departamentalismo, ang mentalidad ng "maliit na grupo", sobrang desentralisasyon, pagbabalewala sa disiplinang pang-organisasyon, ultra-demokrasya, liberalismo, suhetibismo at indibidwalismo. Hanggang hindi naiwawasto ang lahat ng ito, hindi natin tuluy-tuloy na mapagpupunyagian ang proletaryong rebolusyonaryong linya, hindi natin matagumpay na maisasakatuparan ang mga militanteng tungkulin ng dakilang alyansa ng mga proletaryong rebolusyonaryo na agawin ang kapangyarihan, at hindi

natin maisusulong hanggang sa wakas ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura. Tulad ng ipinakita ni Tagapangulong Mao sa mahusay na akdang ito: "May umiral na iba't ibang di proletaryong ideya sa loob ng organisasyon ng Partido Komunista at sa loob ng Ikaapat na Pulang Hukbo na lubusang nakasasagabal sa pagsasapraktika ng wastong linya ng Partido. Hanggang ang mga ideyang ito ay hindi puspusang naiwawasto, hindi maisasabalikat ng Ikaapat na Hukbo ang tungkuling iniatas dito sa dakilang rebolusyonaryong pakikibaka ng Tsina."

Sa akdang ito, nagbigay siya ng malalim na kritisismo sa, at pagpapatunay na mali ang iba't ibang maling tendensyang binanggit sa itaas; nagbigay siya ng isang syentipikong pagsusuri sa mga ito at nagharap ng mga pamamaraan ng pagwawasto sa mga ito. Dapat gumawa ng seryosong pagsisikap ang ating mga kasamang rebolusyonaryong rebelde para pag-aralan at mapanlikhang ilapat ang mahusay na akdang ito ni Tagapangulong Mao sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa ating pag-iisip at praktika sa pakikibaka. Nais nating magrebolusyon laban sa sandakot na tao sa loob ng Partido na nasa awtoridad at tumatahak sa kapitalistang landas, gayundin laban sa mga ideyang burges sa loob ng ating isipan.

**Pangibabawan ang Iba't Ibang Di Proletaryong Ideya at Itatag ang Dakilang Alyansa ng mga Proletaryong Rebolusyonaryo**

Sa bagong yugto ng kasalukuyang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura, dapat nating bigyan ng espesyal na atensyon ang sumusunod na punto:

**1. Pabukadkarin ang pakikibaka para wasakin ang**

**makasariling interes at itaguyod ang katapatan sa interes publiko; iwaksi ang indibidwalismo at ang mentalidad ng "maliit na grupo".** Sa dakilang akdang ito, malalimang sinuri, pinuna at pinatunayang mali ni Tagapangulong Mao ang indibidwalismo, ang mentalidad ng "maliit na grupo" at iba pang maling mga ideya.

Ipinakita ni Tagapangulong Mao: "Ilang kasama ang nagmamalasakit lamang sa interes ng kanilang sariling maliit na grupo at binabalewala ang pangkalahatang interes. Bagamat sa panlabas ay hindi ito mukhang paghahangad ng personal na interes, sa katotohanan'y inihahalimbawa nito ang pinakamakitid na indibidwalismo at may isang malakas na epektong mapanira at mapanghiwalay." Ang mentalidad ng "maliit na grupong" ito na pinuna at pinasinungalingan ni Tagapangulong Mao ay isang bagay na dapat bantayan ng lahat ng organisasyon ng rebolusyonaryong rebelde. Ang mentalidad ng "maliit na grupo" ay maaaring maging dahilan ng pagkaligta sa kabuuang interes ng mga rebolusyonaryong rebelde at maaaring makatulak sa mga rebolusyonaryong organisasyon na tanggihang itaguyod at suportahan ang isa't isa, at sa halip pagsuspetsahan at gipitin ang bawat isa. Ang mentalidad ng "maliit na grupong" ito ang nagtutulak sa ilang tao na agawin at maghari sa "mga muog sa kabundukan", at nanghihikayat sa bawat grupo na magtayo ng sarili nitong mga organo at kumilos nang nagsasarili, at sa gayo'y nagsusulong ng mga pakikibaka nang walang koordinasyon at ginagawang nagsasariling kaharian ang mga organisasyon ng mga rebolusyonaryong rebelde. Ang ganoong mentalidad ng "maliit na grupo" ay nagpapaluwag ng pagkakaisa, sumisira ng kaisahan, nagpapahina nang husto sa lakas sa pakikipaglaban ng mga organisasyon ng rebolusyonaryong rebelde at humahadlang sa dakilang alyansa ng mga proletaryong

rebolusyonaryo. Ang mentalidad ng "maliit na grupo" ang masugid na kaaway ng mga proletaryong rebolusyonaryo at dapat pawiin.

Ang mentalidad ng "maliit na grupo" ay indibidwalismo sa pinalaking anyo nito. Kung gusto nating mapangibabawan ang mentalidad na ito, dapat nating sundin ang mga itinuro ni Tagapangulong Mao para "iwasto sa ideolohiya ang indibidwalismo."

Ang esensya ng burges na pananaw sa daigdig ay indibidwalismo. Ang katangian nito ay ang pagpapauna sa "pansariling interes" higit sa lahat; ang paglalawit ng mga nakasunggab na kamay sa lahat ng dako para maghangad ng karangalan, ganansyang materyal, kapangyarihan, pusisyon at kasikatan; ang pagbitiw sa mga rebolusyonaryong prinsipyo; ang pagbalewala sa rebolusyon sa kabuuan at paglimot sa 700 milyong mamamayang Tsino at 3,000 milyong mamamayan ng daigdig. Ang taong pinapauna ang "pansariling interes" higit sa lahat ay hindi tunay na makatatanggap sa Kaisipang Mao Zedong at hindi wastong makapagpapatupad ng proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao. Madalas kaysa hindi, bigo ang ganoong tao na mapag-iba ang kaaway sa mga kasama, o ang tama sa mali; malamang na mahulog sa mga kamay ng kaaway, mawalan ng pangkalahatang oryentasyon o maligaw pa nga sa gitna ng maigting at kumplikadong makauring pakikibaka; wala siyang lakas ng loob na magpursigi sa pagtataguyod sa katotohanan at susuko sa kritikal na sandali ng mahigpit na pagsubok. Magiging makitid ang kanyang paningin, nakikita lamang ang panandaliang personal na interes at hindi ang pangmatagalan at kabuuang interes ng rebolusyon. Ang "pansariling interes" ay isang sakit na nakatago sa ating mga isipan; dapat natin alisin at wasakin ito sa ilalim ng nag-aalab

na ningning ng Kaisipang Mao Zedong.

Ang katapatan sa "interes publiko" ay hindi malilinang hanggat hindi winawasak ang "pansariling interes". Ang "interes publikong" ito ang interes ng proletaryado, komunismo at ng malaking grupo. Hindi ito interes ng alinmang nag-iisang maliit na grupo. Ang katangian nito ay paggawa hindi para sa karangalan at ganansyang materyal, kawalang-takot sa paghihirap at kamatayan, pagmamahal sa iba nang walang anumang iniisip na pansarili, buong-pusong katapatan sa rebolusyon at buong-pusong serbisyo sa mamamayang Tsino at sa mamamayan ng daigdig. Sa kasalukuyang maigting na tunggalian sa pagitan ng dalawang linya, ang pinakapuspusang katapatan sa "interes publiko" ay ang pagtatanggol at pagpapatupad ng proletaryong rebolusyonaryong linya.

Tanging kapag lubusang winasak ng mga rebolusyonaryong rebelde ang "pansariling interes" at masugid na nagsasabuhay ng katapatan sa "interes publiko" at nagtatatag ng proletaryong pananaw sa daigdig, maaari tayong magtagumpay sa pagsasakatuparan ng dakilang tungkulin ng pag-agaw sa kapangyarihan sa kasalukuyang bagong yugto ng dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura at matatag na isulong ang rebolusyong iyon hanggang sa wakas. Kung ipauuna natin ang "pansariling interes" higit sa lahat at nais nating pagharian ang iba matapos maagaw ang kapangyarihan, kung gayon, mahuhulog tayo sa patibong na inihanda ng reaksyunaryong linyang burges at ilalagay ang ating sarili sa pusisyon ng pagiging bagong mga kinatawang burges. Kung gayon, habang inaagaw natin ang kapangyarihan sa mga taong nasa awtoridad at tumatahak sa kapitalistang landas, dapat din nating agawin ang kapangyarihan

mula sa "pansariling interes" sa loob ng ating mga isipan. Tanging matapos nating puspusang maagaw sa ideolohiya ang kapangyarihan mula sa "pansariling interes", maaari nating matiyak ang matagumpay na pag-agaw sa kapangyarihan mula sa mga taong nasa awtoridad at tumatahak sa kapitalistang landas. Kung hindi, kahit pa nga naagaw na ang kapangyarihan mula sa kanila, maaari rin itong mabulok tungong kapangyarihang pampulitika ng burges.

Dapat mapanlikhang pag-aralan at ilapat nating lahat na rebolusyonaryong rebelde ang mga akda ni Tagapangulong Mao sa proseso ng pakikibaka, wasakin ang pansariling interes at linangin ang katapatan sa interes publiko, maging tunay na "marangal at wagas, isang taong may integridad at nakapangingibabaw sa mga bulgar na interes, isang taong kapaki-pakinabang sa sambayanan" (*Sa Alaala ni Norman Bethune*), at maging isang rebolusyonaryong rebelde na habambuhay na matapat sa rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao!

**2. Palakasin ang diwa ng organisasyon at disiplina, labanan ang pagbabalewala sa disiplinang pang-organisasyon at ultra-demokrasya.**

Sa dakilang akdang ito, malaliman ding sinuri, pinuna at itinakwil ni Tagapangulong Mao ang ganoong maling mga ideya tulad ng pagbalewala sa disiplinang pang-organisasyon at ultra-demokrasya. Sa kasalukuyang maigting at kumplikadong tunggalian ng mga uri, dapat sa lahat ng oras ay maalala ng mga rebolusyonaryong rebelde na magsulong ng seryosong pakikibaka laban sa ganoong maling mga ideya.

Binigyang-babala tayo ni Tagapangulong Mao: "… ang panganib ng ultra-demokrasya ay makikita sa katotohanan na pinipinsala nito o ganap pa ngang

winawasak ang organisasyon ng Partido at pinahihina o ganap pa ngang pinapanghina ang kakayahan ng Partido sa pakikipaglaban, kaya inaalisan ang Partido ng kakayahan na isakatuparan ang kanyang mga mapanlabang tungkulin at sa gayo'y nagiging dahilan ng pagkatalo ng rebolusyon." Sa kasalukuyan, ang pagbalewala sa disiplinang pang-organisasyon at ultra-demokrasya ay madalas na nalalahad sa sumusunod na paraan: pagpipilit na maging "independyente"; pagsasapraktika ng sobra-sobrang desentralisasyon; di pagbibigay-alam sa isa't isa; pagmamaliit sa isa't isa; pagpapakita ng di pagpayag na lumahok sa nagkakaisang pagkilos habang ninanais na gawin ang mga bagay nang buung-buo alinsunod sa sariling kagustuhan; pagnanais lamang ng demokrasya pero hindi ng sentralismo, at ng kalayaan lamang, hindi ng disiplina; pagsasaalang-alang lamang sa sariling kapanatagan, hindi sa nagkakaisang kapasyahan; at sa halip na isantabi ang mga di pagkakaunawaan para maghanap ng mga punto ng pagkakaisa sa mga taong may kaparehong pangkalahatang oryentasyon tulad sa sarili, nagbabangayan sa maliliit na bagay at hindi sa mga usapin ng prinsipyo. Nakasasama ang lahat ng ganoong maling tendensya sa kasalukuyang dakilang alyansa ng mga proletaryong rebolusyonaryo at sa kanilang pakikibaka para agawin ang kapangyarihan.

Hindi tinatanggap ng mga kasamang nagnanais lamang ng demokrasya pero hindi ng sentralismo na ang una ay isang pamamaraan sa halip na siyang layon. Binibigyang-diin nila ang demokrasya at kalayaan sa isang di makatwirang saklaw, at iniisip ang mga ito sa absolutong mga termino. Para sa kanila, dahil ang diwa ng kapangahasang mag-isip at ng kapangahasang kumilos ay kinakailangan sa pagsasagawa ng rebolusyon, kung gayon, hindi sila dapat ipailalim sa anumang pang-

organisasyong restriksyon o pagdidisiplina. Maling-mali ang ganitong paraan ng pagtingin sa mga bagay. Kapwa may makauring katangian ang demokrasya at kalayaan. Dapat lansagin ng isang proletaryong rebolusyonaryong mandirigma ang kontra-rebolusyonaryong diktadura at disiplina, pero kasabay nito'y dapat mulat na panghawakan ang proletaryong sistema ng demokratikong sentralismo at sundin ang rebolusyonaryong disiplina nito. Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: "Paminsan-minsan, ang demokrasya ay nagmumukhang siyang layon, pero sa totoo, ito ay isa lamang pamamaraan. Itinuturo sa atin ng Marxismo na bahagi ng superistruktura ang demokrasya at nabibilang sa kategorya ng pulitika. Ibig sabihin, sa huling pagsusuri, nagsisilbi ito sa baseng pang-ekonomya. Ganoon din ang totoo sa kalayaan." (*Hinggil sa Wastong Paghawak ng mga Kontradiksyon sa Hanay ng Mamamayan*). Dapat lubos na maunawaan ng bawat kasama natin na pinaglilingkuran ng ating demokrasya at kalayaan ang interes ng proletaryado at ang konsolidasyon ng proletaryong diktadura. Ang paghahanap ng demokrasya at kalayaan sa pamamagitan ng pagtalikod sa batayang paunang rekisito ng proletaryong rebolusyon at diktadura ay di maiiwasang makapipinsala sa batayang interes ng rebolusyon.

Sa kasalukuyan, ang mga proletaryong rebolusyonaryong rebelde ay mabilis na nagtatatag ng mga alyansa at nakikipagkaisa sa lahat ng rebolusyonaryong masa sa pakikibaka para agawin ang kapangyarihan sa sandakot na tao sa loob ng Partido na nasa kapangyarihan at tumatahak sa kapitalistang landas. Habang sinusuri at hinaharap natin ang lahat ng klase ng problema, dapat panghawakan ng bawat isa sa ating rebolusyonaryong kasama ang pangkalahatang oryentasyong ito bilang ating puntong pagsisimulan, tingnan ang sitwasyon sa kabuuan,

at kapag hinihingi ito, ipailalim ang mga pangangailangan ng bahagi sa mga pangangailangan ng kabuuan sa kapakanan ng pangkalahatang oryentasyong iyon. Kapag lumilitaw ang mga pagkakaiba-iba ng opinyon sa loob ng isang rebolusyonaryong organisasyon o sa hanay ng iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon, at kapag ang mga pagkakaiba-ibang ito ay kinasasangkutan ng mga usapin ng prinsipyo, dapat nating sundin ang itinuturo ni Tagapangulong Mao na "ang mga wasto at mali… ay dapat mailinaw nang walang kompromiso o pagtatakip." Kung hindi kinasasangkutan ng mga usapin ng prinsipyo ang mga pagkakaiba-iba, dapat isantabi ng mga grupong kasangkot ang mga pagkakaiba-iba para maghanap ng mapagkakaisahan batay sa kanilang pagkakaisa sa pangkalahatang oryentasyon; hindi sila dapat magbangayan nang walang katapusan tungkol sa maliliit na bagay. Sa ganito lamang makokonsolida ang pagkakaisa at mapapalakas ang kakayahang lumaban sa sabay-sabay na pagkilos laban sa kaaway.

Hindi natutulog ang ating mga kaaway sa uri. Ginagawa nila ang lahat para makakita ng mga lamat sa ating rebolusyonaryong hanay at pag-away-awayin sa pagtatangkang guluhin ang ating hanay at pahinain ang dakilang alyansa ng mga proletaryong rebolusyonaryo. Lahat ng pag-iisip at pagkilos gaya ng labis na desentralisasyon, liberalismo, ultra-demokrasya at paglabag sa disiplinang pang-organisasyon ay tumutugma nang husto sa mga ninanais ng ating mga kaaway sa uri at gagamitin nila. Dapat nating paigtingin ang ating pagmamatyag at huwag mahulog sa kanilang bitag.

**3. Bigyang-diin ang pagsusuri sa uri, pagsisiyasat at pag-aaral; pangibabawan ang suhetibismo.**

Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: "Ang

suhetibismo ay umiiral sa isang seryosong antas sa hanay ng ilang kasapi ng Partido, na nagdudulot ng malaking pinsala sa pagsusuri ng sitwasyong pampulitika at sa paggabay sa pagkilos. Sa gayon, ang suhetibong pagsusuri sa isang sitwasyong pampulitika at ang suhetibong paggabay sa pagkilos ay di maiiwasang magresulta kapwa sa oportunismo o sa putsismo ". Napakahalaga ng mga salitang ito ni Tagapangulong Mao sa pamamatnugot sa pakikibakang inilulunsad nating mga proletaryong rebolusyonaryong rebelde.

Sa kasalukuyan, ang sandakot na tao sa loob ng Partido na nasa kapangyarihan at tumatahak sa kapitalistang landas ay nakikipagsabwatan sa mga multo at halimaw sa lipunan para magpakana ng isang kontra-rebolusyonaryong "alyansa" laban sa dakilang rebolusyonaryong alyansa. Ginagawa nila ang lahat para makabuo ng isang huwad na prente at lumikha ng kalituhan. Tayo ay nag-aalsa – sila rin ay nag-aalsa; tayo ay nagtatatag ng mga alyansa – sila rin ay nagtatatag ng "mga alyansa"; tayo ay nang-aagaw ng kapangyarihan – sila rin ay nagtatangkang "mang-agaw ng kapangyarihan". Sinasabi natin na mga rebolusyonaryong rebelde tayo – tinatawag din nila ang kanilang sarili na "mga rebolusyonaryong rebelde". Sa lahat ng kanilang ginagawa, nagtatangka silang palabasing tunay ang huwad na bagay.

Sa panahon na ang mga proletaryong rebolusyonaryo ay nagtatatag ng mga dakilang alyansa para agawin ang kapangyarihan, ilan sa mga gumagawa-ng-kabuktutang ito ay naglahad din ng karatula ng "rebolusyonaryong rebelyon" upang makapuslit sa hanay ng mga rebolusyonaryong rebelde at sa gayo'y lumikha ng hidwaan at kaguluhan sa isang bigong pagtatangkang hatiin at lansagin ang ating hanay, sirain

ang dakilang alyansa ng mga rebolusyonaryo at kamtin ang kanilang layuning agawin ang kapangyarihan mula sa proletaryado. Sa ganoong kumplikadong pakikibaka, dapat gamitin ang pamamaraan ni Tagapangulong Mao na pagsusuri sa uri at pagtatasa, at kasabay nito'y isagawa ang isang masusing pagsisiyasat at pag-aaral bago magdesisyon sa mga taktika at pamamaraan ng pagkilos at iwaksi ang ideyalismo. Sa ganito lamang natin matatagos ang kaanyuan para maunawaan ang esensya ng mga bagay; maaalis ang ulap para makita ang daan, at hindi mahulog sa mga bitag ng kaaway sa uri.

Itinuturo sa atin ni Tagapangulong Mao: "Dapat ang ating pangunahing pamamaraan ng pagsisiyasat ay ang masusing paghihimay sa iba't ibang interelasyong panlipunan, pagkamit ng wastong pagtatasa sa mga makauring pwersa at pagkatapos, pagbalangkas ng mga wastong taktika para sa pakikibaka, pagtukoy kung alin-aling uri ang bumubuo sa pangunahing pwersa ng mga rebolusyonaryong pakikibaka, alin-aling uri ang dapat kabigin bilang mga kaalyado at alin-aling uri ang pababagsakin. Ito ang ating tanging layunin." (*Labanan ang Pagsamba sa Aklat*). Sa landas ng pakikibaka, dapat nating pag-aralan at gagapin ang teorya ni Tagapangulong Mao hinggil sa mga uri, mga kontradiksyon ng mga uri at tunggalian ng mga uri sa sosyalistang lipunan, lumubog nang malalim sa hanay ng masa, magsiyasat at mag-aral, at sa gitna ng lahat ng klase ng opinyon, tukuyin kung alin ang kumakatawan sa interes at hinihingi ng aling uri. Sa ganito lamang natin wastong maipatutupad ang mga patakaran ng Partido, makagagawa ng mahigpit na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang tipo ng kontradiksyon – mga kontradiksyon sa pagitan natin at ng kaaway at mga kontradiksyon sa

hanay ng mamamayan – at makipagkaisa sa lahat ng posibleng pwersa para ganap na pabagsakin ang sandakot na taong nasa loob ng Partido na nasa kapangyarihan at tumatahak sa kapitalistang landas.

**Armasan ang ating mga isipan ng Kaisipang Mao Zedong, patingkarin ang proletaryong pulitika, ibayong magsikap na muling hubugin ang ating pananaw sa daigdig at pabilisin ang rebolusyonisasyon ng ating pag-iisip.**

Ang mga ideyang tulad ng indibidwalismo, mentalidad ng "maliit na grupo", paglabag sa disiplinang pang-organisasyon, ultra-demokrasya at suhetibismo, ay pawang mga tunguhing pang-ideolohiya ng burgesya at petiburgesya. Ang mga ito ay pundamental na antagonistiko sa Kaisipang Mao Zedong. Nagbibigay ang mga ito ng isang napakamapanirang impluwensya sa ating proletaryong rebolusyonaryong hanay. Kung hindi napapanahong maiwawasto ang mga ito, hindi natin makakayang ganap na maipagtagumpay ang dakilang istorikong tungkulin ng dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura. Tulad ng ipinakita ni Tagapangulong Mao, umiiral ang maling mga ideyang ito dahil "…ang kanyang (ang organisasyon ng Partido) mga batayang yunit ay binubuo karamihan ng mga magsasaka at iba pang elemento na nagmula sa petiburges; gayunman, ang kabiguan ng mga namumunong organo ng Partido na maglunsad ng isang sama-sama at determinadong pakikibaka laban sa maling mga ideyang ito at ituro sa mga kasapi ang wastong linya ng Partido ay isa ring mahalagang dahilan ng pag-iral at paglaki ng mga ito".

Sa mahusay na akdang ito, matalas na pinuna at itinakwil ni Tagapangulong Mao ang maling pananaw na

ang pagiging mahusay sa militar ay nangangahulugan ng pagiging mahusay sa pulitika. Malinaw niyang ipinakita na "Ang Pulang Hukbo ay isang armadong grupo para sa pagpapatupad ng mga tungkuling pampulitika ng rebolusyon" at na "ang mga usaping militar ay isa lamang sa mga paraan sa pagpapatupad ng mga tungkuling pampulitika". Dapat laging maging saligan sa pagbubuo ng mga proletaryong rebolusyonaryong pwersa ang pagpapatingkad sa proletaryong pulitika at pagpapatupad ng linya ni Tagapangulong Mao sa pagtatatag ng Partido at pagtatayo ng hukbo. Pulitika ang pinakamataas na kumander, ang kaluluwa, ang oryentasyon; gawaing pampulitika ang dugong nagbibigay-buhay sa lahat ng gawain. Dapat nating sundin ang mga itinuturo ni Tagapangulong Mao at palakasin ang pagtatayo sa pulitika ng proletaryong hanay; kung hindi, maliligaw tayo at mapapasama.

Iniisip ng ilang kasama na: "Walang magiging pagkakaiba kung magagap man natin o hindi ang gawaing pang-ideolohiya; ang gusto lamang natin ay mapangahas na pagkilos. Ang sinumang makagawa niyon ay isang mabuting kasama." Iniisip naman ng iba: "Ang ating mga mapanlabang tungkulin ay mabibigat at okupado ang oras sa gawain: sino ang may oras pa para gagapin ang gawaing pang-ideolohiya?" Nagiging pabigat sa isipan ng ilang kasama ang katotohanan na sila ay maka-Kaliwa, at nagiging isang balakid ito na humahadlang sa pagkilala sa kanilang sariling pagkukulang at nagiging dahilan para pabayaan ang kanilang sariling pagpapanibagong-hubog sa ideolohiya. Sa gabay ng ganoong maling mga ideya, hindi sila masigasig na nag-aaral ng mga akda ni Tagapangulong Mao, hindi nagbibigay ng sapat na pansin sa kasalukuyang mga problemang nasa isip ng mamamayan, hindi nagnanais na

ipatupad nang puspusan ang gawaing pang-ideolohiya kundi nagnanais lamang ng mabilis at mapangahas na pagkilos; nagbibigay-diin lamang sila sa aksyon at nagpapabaya sa mga taktika ng pakikibaka. Ang lahat ng ito ay nakapipinsala sa pagkakaisa at konsolidasyon ng proletaryong rebolusyonaryong hanay.

Ang pagpapatingkad sa pulitika ay nangangahulugan ng pagpapatingkad sa Kaisipang Mao Zedong. Sa huling pagsusuri, nilalayon ng dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura na pangibabawin ang Kaisipang Mao Zedong. Ipinakita ni Kasamang Lin Piao: "Maipauunawa natin sa daan-daang milyong mamamayan ang Kaisipang Mao Zedong, tiyaking ito ang makakakuha ng lahat ng pusisyong pang-ideolohiya, ilapat ito sa pagtatransporma sa mental na pananaw ng lipunan, at maitatransporma ang Kaisipang Mao Zedong, ang dakilang ispiritwal na pwersang ito, tungo sa isang materyal na pwersa!" Tayong mga proletaryong rebolusyonaryo ay dapat mapanlikhang mag-aral at magsapraktika ng akda ni Tagapangulong Mao sa proseso ng pakikibaka. Dapat nating gawing panuntunan sa pag-aaral ang "tatlong palagiang binabasang artikulo" (*Paglingkuran ang Sambayanan, Sa Alaala ni Norman Bethune*, at *Ang Matandang Hangal na Nagpatag ng mga Bundok*) at "Hinggil sa Pagwawasto ng Maling mga Ideya sa Loob ng Partido". Para muling mahubog ang obhetibong daigdig, dapat nating muling hubugin kasabay nito ang ating suhetibong daigdig; dapat nating ituring ang ating sarili bilang isang pwersa sa rebolusyon at isang target ng rebolusyon. Dapat tayong maging mapangahas na magsagawa ng rebolusyon sa kaibuturan ng ating kaluluwa at hayaang mahigpit na saklawin ng Kaisipang Mao Zedong ang lahat ng pusisyong pang-ideolohiya. Sa diwa ng kampanyang pagwawasto, dapat tayong magsagawa ng pamumuna

at pagpuna-sa-sarili at gumamit ng matalas na sandata ng Kaisipang Mao Zedong at magsuri sa ating hanay; ibayong magsikap para muling hubugin ang ating pananaw sa daigdig at pabilisin ang rebolusyonisasyon ng ating pag-iisip. Sa gayon, maitatayo natin ang ating rebolusyonaryong hanay ng rebelde tungo sa isang pinakaproletaryo at pinakamilitanteng dakilang hukbo ng rebolusyong pangkultura, isang hukbong magiting na sumusulong alinsunod sa proletaryong rebolusyonaryong linya ni Tagapangulong Mao, at magsusulong hanggang sa malubos ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura!